2 Second Lean™

Tagalog Version

Paano Palaguin ang mga Tao at Magtayo ng Lean na Kultura

Masaya

Bagong Lean Health ni Paul

Sa Trabaho at sa Bahay

Paul A. Akers

Papuri para sa
2-Second Lean

"Narito ang kwento ng personal na paglalakbay ni Paul Akers sa paglikha ng isang Lean na kumpanya, kasama na ang kanyang masakit na masalimuot na paanyaya sa pakikipagsapalaran, pagtuklas ng mga bagong posibilidad (sa Japan, FastCap, at sa kanyang buhay), ang kanyang landas ng mga pagkakamali at mga pambihirang aral, at sa huli ay kanyang nakakamtan ang gantimpala—ang katotohanan tungkol sa puso at diwa ng Lean.

Sa pamamagitan ng mga larawan ni Paul sa kanyang paglalakbay sa Lean, makikilala natin siya, ang proseso ng pagiging Lean, at mga prinsipyong nagbabago sa lahat. ang parehong diwa ng pakikipagsapalaran na iniisip kong naramdaman ng mga inhinyero sa Ford™ at Toyota™ noong mga nakaraang taon – isang diwa na madalas naliligaw sa modernong Lean.

Ang 2-Second Lean ay malinaw na pagpapakita ng mga prinsipyo. Ito ay mabilis, epektibo, at nagdadagdag ng napakalaking halaga. Walang komplikadong mga salita o pagpapanatili ng tradisyunal na paniniwala dito, kundi isang mas malalim, halos espiritwal na pag-unawa ng pagiging Lean.

Ang natatanging aklat na ito ay naiiba sa marami pang mga libro tungkol sa Lean. Kung bago ka sa Lean, kunin mo ang librong ito! Kung isa kang Lean na eksperto, kunin mo pa rin ang librong ito! Sa anumang paraan, hindi ka nito bibiguin."

~Randall Benson - Lean Consultant at may-akda ng *The Quest Effect*

"Ang galing nito! Gustung-gusto ko ang mga larawan at ang mga aplikasyon sa bahay. Kung lahat lang sana ng mga 'guro' ng Lean ay isinasabuhay ang kanilang itinuturo... hmmmm..."

~Holly Duckworth, Ph.D. – Kaiser Aluminum
Bise Presidente ng Cautious Improvement

"Nakilala ko si Paul Akers ng FastCap mahigit isang taon na ang nakalipas. Personal siyang bumisita sa Lungsod ng Ferndale at naglaan ng oras ituro sa mga empleyado ang mga konsepto ng "Lean".

Ipinagpatuloy namin isabuhay ang kanyang mga tinuro at araw-araw naming niyakap at ginagamit ang mga prinsipyo ng Lean na kanyang mahusay na isinulat sa *2 Second Lean*. Tuwing Biyernes, mayroon kaming pagpupulong tungkol sa Lean. Ang Lean ay isang napakahalagang bahagi ng kung ano dapat at dapat gawin ng gobyerno. Kadalasang may mga maling pananaw ang publiko tungkol sa mga kawani ng gobyerno. Ang mga empleyado sa aming lungsod ay niyakap ang konsepto ng patuloy na paghahanap ng mga pagpapabuti at kahusayan sa kanilang mga tungkulin sa trabaho.
Pinakahanga ako kung paano nagkakaisa ang mga empleyado at nagbabahagi sila ng mga ideya para sa ikabubuti. Nagdulot ito ng mas maayos na samahan sa trabaho. Ang bawat

isang empleyado, mula sa mga bago hanggang sa mga beterano, ay nararamdamang may halaga sila at ang kanilang mga ideya ay may malaking epekto.
Dapat tuklasin ng bawat lungsod kung ano ang kayang gawin ng Lean!"
~Gary S. Jensen – Alkalde, Lungsod ng Ferndale, Washington

"Alamin kung paano magtrabaho nang may pinakamataas na kahusayan habang lumilikha ng produktibo at positibong kapaligiran sa lahat ng ginagawa mo. Ang magagandang halimbawa at pagsusuri sa aklat na ito ay mainam na gabay para sa sinumang naghahangad ng matagumpay na paglago.
~Dr. Nido Qubein – Pangulo, High Point University at Chairman, Great Harvest Bread Co.

"Ang pagmamahal ni Paul Akers sa Lean ay talagang nakakahawa. Patuloy ang FastCap sa paglalakbay gamit ang Lean patungo sa tuluy-tuloy na pagpapabuti. Ang kanilang paraan ng pag-engganyo sa mga empleyado para sa kanilang mga ideya ay pang-"World Class", at makikita ito sa lahat ng ginagawa ni Paul at ng kanyang koponan.
~Harry W. Kenworthy – Principal at Manager sa Lean Government Center

"Isang napakagandang aklat mula kay Paul Akers – ang aking Lean 'kapatid sa ibang magulang.' Ipinapakita ni Paul na ang Lean ay simple, masaya, at epektibo! Ang 2 Second Lean ay kwento ng Lean na pamumuno at Kultura na tutulong sa iyo na GUMAWA ng mabuti, magandang PAKIRAMDAM, at ITAAS ang antas ng iyong buong organisasyon."
~Karl Wadensten – Presidente, Vibco Vibrators at Host ng Lean Nation sa AM790 at 790Business.com

"Ang makapangyarihang aklat na ito ay magdadala sa iyo sa masiglang mundo ng FastCap nang hindi kailangan ng magbayad ng pamasahe. Matutuklasan mo ang komunidad ng pagpapabuti na nilikha ng pagiging simple, kababaang-loob, at sigasig ni Paul Akers. Sabi ni Paul – mali ang ating pananaw, at kapag binago natin ito, magagawa natin ang mga bagay na di natin akalaing posible. Nakakatuwang malaman na itinuturo ni Paul ang kanyang mga prinsipyo ng tuloy-tuloy na pagpapabuti sa gobyerno. Kahit sinasabi niyang ang 2 Second Lean ay hindi para sa mga MBA o mahilig sa teorya, inirerekomenda ko ito sa mga eksperto sa pagpapabuti para sa kaunting kasimplehan. Binibigyang-buhay ng aklat na ito ang Lean."
~Meryl Runion, CSP – May-akda ng PowerPhrases at siyam pang aklat tungkol sa collaborative communication

"Ang lahat ay ipinapaalam kung paano ipatupad ang Lean... ngunit ibinahagi ni Paul ang mga pagpapahalaga na nagpa unlad ng Lean sa ating mga tauhan. Sa aking opinyon, iyon ang makabuluhang kontribusyon na ginagawa ng aklat na into sa mas malawak na kaalaman. Magaling."
~Tony Oliver - Denver, Colorado

“Sa wakas! Isang kamangha-manghang interaktibo na aklat na ginawa upang madaling mabisita, madaling maintindihan, at MASAYANG matutunan tungkol sa Lean! Ang mga QR Code na naglalaman ng mga bidyo at mga ehersisyo ng Pagmamasid/Pagsusuri ay nakaka engganyo na magbibigay ng isang kahanga-hangang karanasan sa pagbabasa...”
~Linda Kleineberg – CMO, VIBCO Vibrators

“Ang 2 Segundong Lean ay KAHANGA-HANGA! Si Paul Akers ay isang taga likha ng ideya na lubos na nauunawaan ang pagtataguyod, pagpapalago ng kultura at serbisyo sa *customer*. Maaaring inisip mo na isang maayos na aklat lamang ito na makakatulong sa iyong mabilis na maging Lean... at tama ka, pero ang estruktura ng aklat ay nagpapakita ng pagbabago, pagkamalikhain, at pagtunan ng pansin ang mabuti sa pagbibigay emosyonal na suporta. Magugustuhan mo ito. Ang mga lider ngayon ay makabago, masigasig, at positibo ang pananaw. Kay Paul, makikita mo ang tatlong ito nang mas pinatindi.”
~Dr. Charles Schwahn, May-akda ng best seller Total Leaders 2.0

“Maningning, masaya, at matalino, ang 2 Segundong Lean ay “*recipe*” ni Paul Akers para simulan at palaguin ang tuloy-tuloy na pagpapabuti – simple at napatunayan sa mismong sahig ng kanyang kumpanya, FastCap. Ito ang tinig at diwa ng isang tunay na Amerikanong negosyante, na nagpapakita na ang Lean ay maaaring ilapat saan man at kahit kailan – at palaging isinusulat bilang P-E-O-P-L-E. I-fasten ang iyong sinturong pangkaligtasan. Handa ka na sa isang mabilis, makapangyarihan, at nakaka-inspire na pagbabasa... na mas pinaganda pa, salamat sa mga QR Code video links.”
~Gwendolyn Galsworth, may-akda ng Visual Workplace/ Visual Thinking at Work That Makes Sense

“Sinisagot ni Paul Akers ang tanong na ‘bakit’ sa kanyang aklat – 2 Segundong Lean. Bakit Lean? Binibigyan ni Paul ang mambabasa ng makapangyarihang mga dahilan upang simulan ang paglalakbay ng Lean. Lubos kong inirerekomenda ang 2 Segundong Lean sa sinumang naghahanap ng mga sagot upang gawing mas epektibo at mas kumikita ang kanilang kumpanya o organisasyon.

Bilang *Country Executive ng Erie County* (New York), ipinakilala ko ang Lean Six Sigma apat na taon na ang nakalipas at naiba ang anyo ng isang *nalulugi* na county upang maging isa sa mga pinakamali at matatag sa *pinansyal* na county sa Amerika. Ang Erie County ay ang pinakamalaking county sa hilaga ng New York at tahanan ng pangatlong pinakamahirap na lungsod sa Estados Unidos (Buffalo). Ang aming kahangahangang pag-unlad ay maaaring i-attribute ng 80% sa Lean at 20% sa Six Sigma. Ang Lean ay isang habang buhay na paglalakbay – isang paglalakbay na karapat-dapat sa oras at enerhiya upang maintindihan at ipatupad. Si Paul Akers ay nagbibigay ng tamang ‘pagtulak’ upang magsimula ka. Kaya... mag-umpisa na!”
~Chris Collins – County Executive, Erie County, New York

“Tuwing bumibisita ako sa FastCap, ang mga tao ang nag-uudyok sa akin. Nakakahawa ang Lean culture. Tulad ng karamihan sa mga lugar ng trabaho, nakasalalay ito sa mga empleyado. Kung ang mga tao ay kasama at nasasabik, gumagana ito.”
~Caleb Erickson, Whatcom County Sheriff’s Office

2 Segundong Lean™

Paano Palaguin ang mga Tao at Magtayo ng Lean na Kultura

Masaya

Sa Trabaho at sa Bahay

Paul A. Akers

FastCap Press

Karapatang-Ari © 2021 ng FastCap Press.
Lahat ng karapatan ay nakalaan, kabilang ang karapatang mag-reproduced ng buo o bahagi sa anumang anyo.

Paul Akers: Voxer or Signal (+13609413748)
Ang mga email ay madi-delete.

Dinisenyo ni Paul Akers
Ikalabing-pitong pag-imprenta, Marso 2021
Mahigit 135,000 kopya ang nabenta
Ginawa sa Estados Unidos ng Amerika

Ang 2 Segundong Lean para sa LAHAT

Maaari mo itong basahin o makakuha pa ng mas maraming kaalaman sa pamamagitan ng panonood ng mga bidyo at pag-review ng mga mapagkukunan sa PaulAkers.net. O makinig sa pinalawak na Audio-Book na may dagdag na "off-script" na inspirasyon at karagdagang mga kwento ng inobasyon.

Tingnan ang PaulAkers.net para sa lahat ng pinakabagong Lean na Pakikipagsapalaran.

Tingnan ang aking bagong app na 2 Segundong Lean Play! Ang bagong app na ito ay nagbibigay sa iyo ng libreng sa lahat ng mga file na pang-tunog ni Paul!!!

Makukuha sa App Store at Google Play.

Para sa karagdagang mga resources ng aklat at mga video, pumunta sa paulakers.net

Pasasalamat

Mga Editor

Si Angie Vogt, na nag-edit ng orihinal na manuskrito.

Si Angela Thompson, para sa huling mga pag-edit.

Espesyal na Pasasalamat
Kay Leanne Akers, ang aking asawa, sa pagiging katuwang ko sa buhay at sa pagtatayo ng isang kamangha-manghang buhay at kumpanya.

Sa FastCap Team, para sa pagiging pinakamagaling na grupo ng mga tao na maaaring makatrabaho ng sinuman.

Kay Keith Turley, para sa pag-publish ng una at sa pagpapalakas sa akin upang tapusin ko ang aking akda

Para sa isang hindi kilalang Lean thinker.
Noong 1998, pumasok ako sa isang tindahan ng kabinet na mukhang iba sa lahat ng nakita ko. Walang nakikitang imbentaryo, isang trabaho lamang ang kasalukuyang ginagawa. Karamihan sa mga makina ay tahimik at ang lugar ng trabaho ay malinis at maayos na naka-organisa. Mabagal ang trabaho noong araw na iyon at ang may-ari ng kumpanya ay hindi kinakabahan, kundi iniutos lamang sa kanyang mga tao na magsagawa ng pagpapanatili/paglinis sa buong pasilidad. Ang kumpanya ay matagumpay, kumikita, at mukhang nasisiyahan ang mga tao sa kanilang trabaho. Lumabas ako mula sa tindahan na iyon na iniisip, "Baliw yata ang taong iyon. Paano ka kikita at mananatiling buo ang negosyo kung hindi gumagawa ang mga tao mo?" Dalawang taon pagkatapos, matutunan ko ang sagot.

Mga Nilalaman

Panimula

Kabanata 1:	Ano ang Lean?	12
Kabanata 2:	Ibig Mong Sabihin, Gano'n Talaga Ako Kalala?	16
Kabanata 3:	Isang Pirasong Daloy	20
Kabanata 4:	Lalong Bubuti ang Lahat Mula Dito	24
Kabanata 5:	Ano ang nakakainis para sa'yo?	28
Kabanata 6:	Domo Arigoto, Ginoo Lexus!	36
Kabanata 7:	Mag-isip Tayo Gaya ng mga Hoks!	42
Kabanata 8:	Magtayo tayo ng Lean na Kultura	51
Kabanata 9:	Higit Pa sa Pagpupulong sa Umaga	60
Kabanata 10:	Gawin Natin Ito sa Banyo	66
Kabanata 11:	Paano Ako Magsisimula?	70
Kabanata 12:	Matinding Lean	75
Kabanata 13:	Mapagpakumbaba na Lean	83
Kabanata 14:	Ang Tatlong Haligi ng Lean	87
Kabanata 15:	Sobrang Galing na mga Tanong	95
Kabanata 16:	Ang Lean ay isang Banyagang Wika	111
Kabanata 17:	Pag-aayos ng Basura	114
Kabanata 18:	Ang Tunay na Laman ng Lean	122
Kabanata 19:	90% ay Basura	125
Kabanata 20:	Mga Lean All-Star	128
Kabanata 21:	Gumawa ng Lean Pang-Lunsad	131
Kabanata 22:	Bidyo Afterburner	134
Kabanata 23:	Ang Aming Bagong Tahanan	139

Kabanata 24: Maglibot Tayo 145
Mga Mapagkukunan 150

For more book resources and videos go to
paulakers.net/books/2sl-videos

Ano ang mga QR Code?

Hanapin

Extreme Lean 79

complished more, with less money. Imagine that! From this experience came a favorite motto for our company: "money suffocates creativity."

When money is no object we abdicate our most powerful resource: our ideas. It just gets too easy to throw money at problems and yet we see time and time again that money often creates problems rather than solving them. For example, it used to take us sometimes days to create a single video to post on the internet. We believed we needed to have all the right video equipment and a dedicated video room, that was one of the biggest wastes of money this company ever had. Today we can consistently produce videos with five separate scenes in under five minutes. This includes:

- Shooting the scenes
- Edit and trim the scenes
- Inserting the scenes
- Applying the music track
- Add titles and captions
- Starting the upload to youtube

Shoot it! Edit/Trim Scenes Insert Scenes

Add Music Titles & Captions Uploading

If want to see it happen go to our Lean videos and watch our "How to make a Lean Video and review of the best camera's to get the job done". I would normally say it is so easy a child could do it but kids are great at technol-

Read video link

Hanapin ang mga ito sa aklat!

Gamitin ang iyong smartphone upang i-scan ang alinman sa mga QR code sa aklat na ito... o i-click na lang ito... at dadalhin ka nila direkta sa video o PDF na iyon tungkol sa Lean!

i-Scan

Mga Lean Bidyos
https://youtu.be/_Ic38RVxBcE

Ang aming mga pangunahing Lean na Bidyos:

1. Lean na Lamesa
https://youtu.be/-POV-VqEJIg

Pagpapabuti sa Umaga

Manood

3. Lean sa Pagsusuri ng Problema
https://youtu.be/HDjA_R48vMs

4. Lean na Burrito
https://youtu.be/AQQIXP8qM1

https://youtu.be/3OEePS7Oh_g

Panimula

Maligayang pagdating sa aking mundo ng Matinding pag-iisip ng Lean. Kapag naranasan mo na ang malalaking benepisyo ng Lean, hahanap-hanapin mo ito, magugustuhan ng sobra, at gagawin ang lahat para makuha ito. Dahil ang Lean na pag-iisip ay nagdulot ng malaking pagbabago sa aking buhay –

pansarili at propesyonal – nais kong iparating ng pamagat ng aklat na ito kung gaano kadali bumuo ng isang masiglang Lean na kultura. Bagamat maraming aklat tungkol sa Lean, wala akong natagpuang may kasamang saya. Ang mga kaibigan kong nagbibisikleta ay magsasabing, "Ang Astig!" Sa katunayan, nang maghanap ako ng mga aklat o website na irerekomenda sa mga tao, ang natagpuan ko lamang ay mga aklat na puno ng kumplikadong dayagram at wika ng paaralan ng negosyo – tiyak na hindi ang masayang Lean na aking nakilala at minahal. Ang aklat na ito ay hindi para sa mga MBA o sa mga interesado sa teorya ng paggawa o mga *flow chart*. Ang aklat na ito ay para buksan ang pinto ng oportunidad para sa mga taong nais pagbutihin ang kanilang pang-araw-araw na buhay, maging sa kanilang lugar ng trabaho o tahanan. Habang natututo kang isama ang Lean na masisiyahan ka sa buhay.Ang Lean na pag-iisip ay



Paul with his Lean Mentor VP of Hoks wearing Paul's Lear jet hat.

ng aking negosyo mula sa isang maliit na operasyon sa aking garahe hanggang sa isang internasyonal, multi-milyong dolyar na kumpanya. Mayroon akong mga pinaka dedikado, masayahing empleyado na maaaring magkaroon ang isang may-ari ng negosyo.

Nararating ko ang *American dream* dahil may nagbahagi sa akin nang kahusayan/katalinuhan ng Lean thinking. masisiyahan ka sa buhay.Ang Lean na pag-iisip ay nagdala ng aking negosyo mula sa isang maliit na operasyon sa aking garahe hanggang sa isang internasyonal, multi-milyong dolyar na kumpanya. Mayroon akong mga pinaka dedikado, masayahing empleyado na maaaring magkaroon ang isang may-ari ng negosyo. Nararating ko ang *American dream* dahil may nagbahagi sa akin nang kahusayan/katalinuhan ng Lean thinking.

Our tour group at dinner with the President of Hoks, one of the best Lean companies that I visited in Japan.

Katulad ng mga tagapagturo kong mula sa Japan, nais kong ipasa ang regalong ito ng pag-iisip ng Lean sa iba at lumikha ng isang mas masagana at produktibong kultura sa buong mundo. Masaya at kapana-panabik ang pag-iisip ng Lean! Ang mga ideya na natutunan



Boring Lean books that drone on and on! Lean should be fun!

Maraming mga *workshop*, mga manwal ng ehekutibo, at mga aklat-aralin sa mga pamilihan. Nais kong magsulat ng isang libro na magiging *accessible* ang Lean sa lahat, mula sa maybahay hanggang sa ehekutibo. ” Isinama ko ang hamon na ito sa dulo ng bawat kabanata, sa

Ang buod na ito ay magpapatibay sa mga pangunahing punto ng bawat kabanata sa pinakamadaling paraan. Sa kahit anong oras, maaari mong madaling balikan at tandaan ang mga prinsipyo. Kaya’t maghanda para sa isang byahe na puno nang enerhiya… sa pagsisimula sa pag-iisip at maging *Lean.*



Lean thinkers build strong relationships surpassing all cultural barriers.

Kabanata 1

Ano ang Lean?

Sampung taon na ang nakalilipas mula nang sinimulan ko ang *Lean*. Hindi ko pa nga naririnig ang salitang iyon noon, ngunit ang mga sumunod ay hindi kapani paniwala. Taong 1997 nang itinatag ko at ng aking asawa ang aming kompanya, ang FastCap, sa aming garahe. Ang *FastCap* ay isang kumpanya na nakatuon sa pagbuo ng mga makabagong kagamitan para sa mga gumagawa ng kabinet at mga tagapagtayo ng mga imprastraktura. Bakit paggawa ng kahoy? Dahil ako'y isang masigasig na artesano na nabubuhay para sa pagkakataong maghasa ng isang piraso ng Honduras Mahogany. Ang unang produkto namin, ang Fastcap, ay isang "*peel-and-stick" cap* para takpan ang mga butas ng turnilyo sa loob ng mga kabinet.

Paul and Leanne in the early years of FastCap.



Paul in his shop at home.

Ang pangalawa naman ay isang kasangkapan para sa pagpo-posisyon ng *laser,* at ito ay tinatawag na *Laserjamb.* Naimbento ko ang mga produktong ito noong ako'y gumagawa pa ng kabinet. Naisip ko ang paraan para gawin at ibenta ang mga ito sa isang merkado na pamilyar ako. Pumunta kami sa bangko para mag-apply ng unang linya ng pautang na $250K, na malaking halaga para sa amin noon. Naaprubahan ito ng komite ng pautang sa banko, ngunit dahil maraming maliliit na negosyo ang nalulugi, naging mas maingat ang presidente ng bangko. Pumunta siya sa *FastCap* para suriin ito nang personal. Habang naglilibot siya sa aming pasilidad, napansin niyang organisado ang lahat, disiplinado ang kultura, at maayos ang takbo ng operasyon. Pagkatapos ng paglilibot, sinabi niya, "Paul, handa akong pautangin ka ng anumang halaga na naisin mo.

Hindi pa ako nakakita ng negosyo na ganito kahusay napapatakbo at kaorganisado. Mukhang alam mo talaga kung ano ang ginagawa mo."

Bilang isang may ipinagmamalaking nagmamay-ari ng negosyo, iyon na siguro ang pinakamataas na papuri na ninanais kong marinig. Ako at ang aking may bahay na si Leanne ay nagsumikap na mapalago ang aming Negosyo at nanalo pa kami ng "Business Start-up of the Year" sa Whatcom County.

Paul with the President of the Bank, "Son, you have a mighty fine business here..." :)

FastCap's Team in the early years.

Kahit hindi man sabihin, ang impresyon ng presidente ng bangko ay nagpapatibay ng aming paniniwala na maayos ang takbo ng aming negosyo. Malaki ang aming kinikita, lumalago ang aming negosyo, at ang aming kumpanya ay mayroong moderno, masigla, at mabilis na kultura. Malakas ang aking pakiramdam na lahat ay nasa tama. Ano pa ang puwedeng maging mali sa isang matagumpay na kumikitang negosyo na nakakakuha ng ganitong tiwala mula sa pangulo ng lokal na bangko? Napapatanong ako sa sarili kong "Maari pa bang magkaroon ng malaking problema and isang kumpanyang may ganitong kalaking tagumpay?

Ngunit nagkaroon kami ng problema sa imbentaryo, partikular sa pamamahala ng mga papasok na materyales. Humingi ako ng mungkahi mula sa isang konsultant sa pagmamanupaktura para magrekomenda ng *software program* na makakatulong sa mas epektibong pamamahala ng aming imbentaryo. Matapos niyang libutin ang aming pasilidad, tinanong ko siya, "Ano sa tingin mo Tracy? Matutulungan mo ba ako?" Ang kanyang pagkabahala ay nakakakaba. Sinabi niya, "Hindi ko alam." Nagtanong ako, "Ano sa tingin mo ang problema ko?".

Sya ay natigil sandali, tumingin sa paligid, at sinabi, "Gusto mo bang malaman ang totoo?" Sumagot ako, "Oo naman!" Sabi niya, "Hindi mo alam ang ginagawa mo at wala kang alam sa pagmamanupaktura." Nasaktan ako.

Isang linggo pa lang ang nakalilipas nang sabihin ng presidente ng bangko na ang FastCap ang pinakamahusay na negosyo na nakita niya, ngunit ngayon, sinasabi ng konsultant na ito na wala akong kaalam-alam. Para maintindihan kung gaano kasakit ang mga salitang iyon sa akin, kailangan ninyong malaman ang aking karanasan. Sa bawat bagay na sinubukan ko sa buhay hanggang sa puntong ito, hindi lang ako napagtagumpayan, kundi naging mas magaling pa. Nakamit ko ang ranggo na Eagle Scout sa edad na 14, at sa edad na 16, gumawa ako ng unang instrumentong pangmusika na labis na nagustuhan ni Bob Taylor ng Taylor Guitars™. Dahil dito, kinuha niya akong magtrabaho sa Taylor Guitars, kung saan naging bahagi ako ng paggawa ng unang 2,000 gitara ng kumpanya.

Managing thousands of colors of raw materials.

Tracy, the consultant that broke the news to me that we didn't know what we were doing.

Pagkatapos kong magtapos ng kolehiyo bitbit ang aking karanasan sa pagmamanupaktura, naging guro ako ng Sining Pang-industriya at pagkatapos ay naging tagapamahala ng 100-unit condo. Ito ay isang napakakomplikadong proyekto sa konstruksyon at malapit na nauugnay sa pagmamanupaktura.

Paul... Free Falling!

Sa murang edad, kabilang din ako sa mga nanguna sa paggawa ng tahanan ng patnugot ng Architectural Digest Magazine sa Bel Air, CA at nakapag-balik *ng klase ng Sining Pang-industriya* ng mga makasaysayang bahay sa Pasadena.

Paul's mentor, Bob Taylor, of Taylor Guitars.

Sigurado akong hindi ko lang naiintindihan ang mga prinsipyo ng pagmamanupaktura, meron din akong mayamang karanasan para patunayan ito, at listahan ng aking mga nagawa.

At ngayon, ang taong binabayaran ko para tulungan akong maging epektibo ang aking negosyo ay nagsasabing wala akong alam.

Paul playing one of his custom built guitars.

Sa kabila ng lahat, nagpakumbaba ako. "Sige, Tracy, ano ang kailangan kong gawin?" Sagot nya, "Kailangan mong

Paul (the bearded guy) with his Industrial Arts Class.

matutunan ang *TPS-Toyota Production System*, o ang tinatawag na Lean *Manufacturing*".

At ngayon, ang taong binabayaran ko para tulungan akong maging epektibo ang aking negosyo ay nagsasabing wala akong alam.

One of many of the historical homes I restored.

Paul's handbuilt craftsman home.



The Toyota Way
One of Paul's favorite books.

Nagtanong ako, "Ano ang Lean?". At malapit ko ng malaman.

The One Thing:
Your pride will blind you to what you most need to learn.

Lean Works for You

Identify the one thing you are really good at:

_____

_____

Surprise! It is probably where you have the most waste in your life and can apply Lean the most effectively.

Your thoughts and take-away from this chapter:

Lean videos:

1. What is Lean
https://youtu.be/_NYZzwqd01I

2. Lean in Government
https://youtu.be/mBMan87Lziw

3. Paul Akers receives Seattle Magazine 2011 Executive of the Year
https://youtu.be/meq6Pq95Yz4

For more book resources and videos go to paulakers.net/2sl-01

Kabanata 2

Ibig Mo Bang Sabihin na Gano'n Ako Kalala?

Sa sumunod agad na linggo, matapos ang nakakapukaw na komentong "Hindi mo alam paano mag-manupaktura," dumating sina Brad at Jon sa aming opisina. Sila ay mga anak ng misyonero sa Japan at naging tagasalin para sa isang Hapon na nagtuturo ng Lean sa mga kompanya sa Amerika. Naging mahusay sila sa mga konsepto ng Lean kaya't nagpasya silang magsimula ng sarili nilang negosyo, at ang FastCap ang naging unang "biktima" nila.

Brad translating for a Japanese Lean teacher.

Baby-faced kids, Brad and Jon, of Gemba Research, my original Lean teachers.

Bagamat humanga ako sa kanilang mga obserbasyon, nagulat ako sa presyo ng kanilang serbisyo—$10,000 bawat linggo. Maliit lang ang negosyo ko, hindi ito bangko. Hindi ko akalaing kaya ko itong bayaran, pero alam kong kailangan ko ng tulong para umangat ang Negosyo ko. Ang kanilang prangka at praktikal na estilo ang nagustuhan ko. Kaya, pinakiusapan ko ang aking asawang si Leanne, at pumayag siyang gamitin ang pera namin. Isa ito sa mga pinakamahalagang desisyong nagawa namin, at nagsimula na ang seryosong paglalakbay. Para itong paglilipat mula kaswal na Sabadong basketball tungo sa pang-Olympic lebel na pagsasanay.



Look at all the beautiful finished product..NOT!

Sinimulan nilang tanungin ang lahat, simula sa, "Bakit kayo gumagawa ng napakaraming tapos na produkto?" Sagot ko, "Dahil matagal ang *set-up* ng makina para sa bawat bersyon ng produkto. Mas maigi nang gumawa ng maramihan para may mahugot kami kapag kailangan sa mga susunod na buwan."

Ipinaliwanag nina Brad at Jon na ito ay pag-aaksaya. "Kapag gumagawa ka ng sobra, kailangan mo itong i-imbak, i-imbentaryo at pamahalaan. Kapag gumagawa ka lang ng eksaktong kailangan, natatanggal ang pag-aaksaya. Kung ang tagal ng pag-buo ang pumipigil sa iyo, humanap ng paraan para mapabilis ito.

Brad with his winsome smile, "Paul, you have a lot to learn about Lean."

Sa halip na 45 minuto, gawing 5 minuto." Sabi ko, "Hindi yan mangyayari. Ginagawa ko na ito ng maraming taon, at walang paraan para mabuo ang makina nang ganoon kabilis." Ngumiti si Brad, "Marami ka pang dapat matutunan tungkol sa Lean."

Sa loob ng isang linggo, inobserbahan nila ang proseso namin, mula sa pagkuha ng pangkulay, mas mabilis na pagpapalit ng mga kasangkapan, distansya ng lakad na kakailanganin sa pagitan ng dalawang kagamitan, hanggang sa pag-ayos lugar ng mga makina. Sinuri nila ang bawat hakbang para mapadali at mapasimple. Nakagawa kami ng malalaking pagbabago na mas mapaonti ang oras ng pagbuo ng makina na makakagawa ng maramihang piraso para sa lahat bersyon ng produkto.

Kaya't napababa naming ang oras ng *set-up* makina mula 45 minuto patungong 5 minuto. Nakakahiya, pero totoo. Ngayon, patuloy namin itong pinapabuti, at umabot pa sa 2 minuto.

Paul "eating crow"

Ito ang unang beses kong makaranas ang Lean. Una, tila imposibleng maabot ang mga ideya nina Brad at Jon, pero sa loob ng ilang linggo, nakita ko ang imposible na naging posible.

Ang karanasang ito ang nagturo sa akin ng dalawang pangunahing prinsipyo ng pag-iisip ng Lean: **Alisin ang pag-aaksaya** at **Tuloy-tuloy na *improvement***.

Habang humanga ang presidente ng bangko sa malinis at organisado naming pabrika, nakita nina Brad at Jon ang sistema kung saan abala ang mga empleyado sa paggawa ng sobrang imbentaryo na kailangang pamahalaan pa. Upang matanggal ang nasasayang na sobrang imbentaryo, sinuri namin ang aming proseso at naghanap ng mga paraan para mapabuti ito.

Ang pag-iisip sa paraan ng Lean ay naniniwalang ang lahat ay maaaring tuloy-tuloy na mapabuti, nang walang katapusan. Kung iniisip mong minsanan lang sa isang taon ang magka-ideya ng pagpapabuti ng kumpanya, nagkakamali ka.

Pagkatapos kong basahin ang *The Toyota Way*, mas lalo kong naintindihan kung gaano katindi ang ideya ng "patuloy na pagpapabuti." Napagtanto kong araw-araw ang nasasayang na enerhiya, pera, yaman, at oras ang patuloy na humihila pababa sa atin.

Gumagawa ang Toyota™ ng milyon-milyong mga pagpapabuti bawat taon, lahat ay nabuo mula sa mga ideya ng kanilang mga empleyado sa buong mundo!



Kung iniisip mong maayos na ang takbo ng iyong buhay o negosyo, nagkakamali ka. Ang Toyota™ ay patuloy na gumagawa ng milyun-milyong pagbabago sa kanilang mga proseso sa buong mundo, kahit mahigit 50 taon na silang nag-iisip sa paraang Lean. Gaya ng sinasabi ng kaibigan ko na si Jeff Kaas, "Ang nasasayang ay parang grabidad; hinihila ka nito 24/7, at kung wala kang paraan para labanan ito, ikaw ang matatalo at ito ang magwawagi!

The One Thing:
You and I are 24/7 waste generators.

Lean Works for You

Start a journal and for one week keep track of all the activities and processes every day that <u>might</u> have waste in them.

At the end of the week see if there are more things that are wasteful than they are profitable, productive and efficient. The results might surprise you.

Your thoughts and take-away from this chapter:

Lean videos:

1. Lean Burrito
https://youtu.be/AQQIXP8qM1M

2. Waste, waste, waste... it's everywhere
https://youtu.be/gFnSL29GHS0

3. Lean: The waste of waiting
https://youtu.be/ibBXtlco4ms

For more book resources and videos go to paulakers.net/2sl-02

Kabanata 3

Isang Pirasong Daloy

Ang mga sumunod na linggo ay naging parang pag-aaral para sa akin—isang pagsasanay sa isang bagong paraan ng pag-iisip. Matapos akong turuan sa pagtanggal ng aksaya at sa konsepto ng tuloy-tuloy na pagpapabuti, ipinakilala sa akin ang ideya ng *one-piece flow*, o paggawa ng isang produkto isa-isa.

Wala ring pagkakaiba ang FastCap. Pinapatakbo namin ang pabrika gamit ang malaking pangkat ng sistema, na kabaligtaran ng one-piece flow.

Sa FastCap, gumagawa kami ng malalaking pangkat ng mga produkto kahit hindi pa kami sigurado sa dami ng bibilhin ng mga kustomer, dahil akala namin nakakatipid kami ng oras at pera. Ngunit, mas lalo pa kaming nahirapan sa trabaho at nagkaroon ng basura gamit ang malaking batch na modelo.

Ang konseptong ito ay kabaligtaran ng mga nauugnay na pananaw ng modernong Amerikano. Sa nakaraang siglo, ang ating kultura ay isang ekonomiyang nakabatay sa maramihang paggawa. Nandiyan ang kasabihang "bigger is better", "super-size me!", at "if something is good, more is better," tama ba?

Isa sa aming mga produkto, angLaserjamb™, ay ginagawa namin sa 100 napangkat. Ayon sa aming mga kalkulasyon, umaabot ng 45 minuto upang makagawa ng isa. Ang paggawa ng 100 ay nangangailangan ng 75 oras ng trabaho mula simula hanggang matapos. Nang imungkahi nina Brad at Jon na gumawa kami ng isa-isa at gawing batayan ang bawat order, akala ko'y wala sila sa tamang kaisipan. Sa tingin ko ang sinabi ko noon ay, "No, that will never work!" (*Hindi, hindi ito gagana!*). May kasabihang "pagtuturo sa isang matandang aso ng mga bagong panlilinlang" na pumasok sa isip ko.

FastCap was hypnotized by big batch methodology of manufacturing.

Ang proseso ng paggawa ay nangangailangan ng malalaking espasyo para magawa ang produktong ito. Halimbawa, kailangan namin ng sapat na espasyo para maglagay ng 100 Laserjambs para sa bawat prosesong dadaanan. Nagdulot ito ng problema kung saan kinakailangan ng nararapat na sistema ng transportasyon upang ilipat ang mga produkto mula sa isang bahagi ng pabrika patungo sa isa pa.

Sa bawat batch ay malaki ang nakukuhang espasyo, kagamatian, tauhan, at pera kaya para sa akin, mas makatarungan na gumawa ng 100 sa isang pagkakataon. Sa mapagpakumbabang pagsunod sa rekomendasyon nina Brad at Jon, nagsimula kaming gumawa ng isang Laserjamb kumpara sa nakagawiang *batch production*.



The old dog did indeed learn new impressive tricks!

Large workbenches to store large batches of work. If one mistake was made, the whole batch would need reworking.

Laserjambs new U-shaped Cell – one person doing the work of four with no mistakes.

Kung titingnan ito ng isang bihasangtagagawa, tila magiging masyadong matrabaho at matagal upang magbigay ng magandang resulta. Nais ko pang patunayan sa kanila kung gaano kahirap ang prosesong ito. Sa isip ko, binabalewala ko lang sila, o iyon ang akala ko.

Ginugol nila ang unang linggo sa muling pagsasaayos ng aming buong proseso at binago nila ang ayos ng *work floor* sa hugis-U. Ang hitsura ng kumpanya ay parang isang paglusob ng isang rebolusyong Asyano, at ako ang biktima.

Naalala mo ba kung gaano ako nag-tiwala sa aking kumpanya at kakayahang mag-manupaktura? Sa totoo lang, nakakahiyang makitaang mga batang "walang karanasan" na binabago ang halos lahat sa aming kumpanya—parang tinangay ang aming palapag ng *production area* at binabalik sa pinaka-

Ano sa tingin mo ang nangyari? Muling nagbukas ang aking mata sa mahika ng Lean. Sa paggamit one-piece flow, ang bawat Laserjamb ay ginawa mula simula hanggang matapos ng isang tao, na may kakayahang inspeksyunin ang buong produkto habang ginagawa ito. Ang prosesong ito ay nagbigay daan upang mapansin namin ang mga pagkakamali habang ginagawa ito. Maaring ang butas ay hindi nasa gitna o kaya't ang pihitan ay hindi maayos na naka-turnilyo. Ang pag-aayos ng isang depektibong Laserjamb ay madali. Ang mag- aayos ng 100 depektibong Laserjamb sa dulo ng produksyon sa isang pangkat ay isang sakuna!

Ang mga pagbabago tulad nito ay nagdulot ng malalaking epekto sa buong proseso. Hindi lang namin nakita ang bawat produkto na may mas pansariling atensyon—napakakaunting pagkakamali, kung mayroon man—ngunit pati na rin ang iba pang bahagi ng proseso ay naging mas maayos.

Imbes na mag-imbentaryo ng 100 Laserjambs, wala kaming imbentaryo dahil ang bawat Laserjamb ay ginawa upang punan ang binili. Ito ay ginawa, ipinaketa, empake, ipinadala at binayaran. Nangangahulugan din ito na hindi kami gumagastos sa paggawa ng mga produktong pirasong daloy hindi pa nabebenta.

Simple one-piece flow

Mas kaunti na ang aming imbentaryo at oras ng paggawa na nakatambak lang. Isang magandang biswal ay isipin ang lahat ng tapos na produkto na parang mga ulo ng litsugas, na nalalanta habang tumatagal.

Pinadali at pinahusay na one-piece flow ang bawat bahagi ng aming proseso ng pagmamanupaktura. Ang Lean na ito ay nagsimulang magbigay ng tunay na kahulugan sa aking isipan.

The One Thing:

Make a batch and waste will be everywhere or make one, make it right and waste will magically disappear.

Lean Works for You

Identify one area where you are currently doing batchwork:

_____

Time how long it takes you to make 10 products as a batch:
Your time: _____

Now, time yourself making one at a time until you reach 10:
Your time: _____

Your thoughts and take-away from this chapter:

Lean videos:

1. Lean FastCap Style
https://youtu.be/su9CulCZTBg

2. Lean Batchwork vs. One piece flow
https://youtu.be/Z4pBUJtkYgU

3. Lean Cutter Change
https://youtu.be/i7klvrAm5gc

For more book resources and videos go to paulakers.net/2sl-03

Kabanata 4

Lalong Bubuti ang Lahat Mula Dito

Ang aking Paglalakbay sa *Lean thinking* ay talagang nagpabago sa akin. Nakakapanabik ang prosesong ito ng pagbabago. Sa bawat mungkahi para sa pagpapabuti, dumadaan ako sa yugto ng pagdududa, hanggang sa matanggap ito nang mapagpakumbaba – at masorpresa sa mas simple, mas epektibo, at mas murang resulta na aking nakikita.

Our sink, before.

After - Faster, Simpler and Safer.

Simula noon, mas naging kritikal ako sa paggamit ng *waste components* sa anumang ginagawa namin sa FastCap ay agad kong napapansin. Kahit sampung taon na ko ginagamit ang Lean at may mga taong bumibisita mula sa iba't ibang bansa upang makita ang aming Kulturang Lean, naniniwala pa rin akong 90% ng ginagawa namin ay may aksaya. Narito ang walong uri ng aksaya na nakakaapekto sa lahat – at ang pangwalo ang pinakamatindi.

Ang paghahanap ng aksaya ay hindi pabigat kundi parang laro– isang pamamarako. Ang Lean ay hindi nagpapahirap, kundi sinasadyang gawing simple ang bawat proseso. Kapag pinasimple mo ang proseso, nakakamit mo ang mas magandang resulta na may mas kaunting pagsisikap. Ang Lean ay hindi tungkol sa pagtatrabaho nang mas mahirap, kundi tungkol sa pagpapadali ng mga bagay. Hindi ito laging mabilisang pagbabago, kundi maliliit na hakbang sa patuloy na pagpapabuti araw-araw. Malalaking pagbabago ay maganda, ngunit hindi iyon ang layunin ng Lean. Ibinahagi ko kung paano napasok ang Lean sa aking negosyo at kung paano ito nagdala ng kahanga-hangang resulta. Ang implikasyon nito sa personal na buhay ay kamangha-mangha.

A common work area that I see when I visit other companies. What a nightmare.

FastCap's workbench after 10 years of continuous improvement. What a dream.

Kung hindi ko pa nasabi (at sasabihin ko ulit!), ang Lean ay tungkol sa pag-aalis ng aksaya at patuloy na pagpapabuti sa pamamagitan ng pagpapasimple ng mga bagay. Kung isang oras ang proseso, tanungin kung paano ito magiging 30 minuto. Hindi pagmamadali ang 30 minuto, kundi resulta ng pagtanggal sa walong uri ng aksaya. Kapag nakuha mo ito sa 30 minuto, subukang gawing 15 minuto, at kapag 7 minuto na lang, oras na para magdiwang.

Bago mo malaman, maaaring maalis mo na ang proseso nang tuluyan. Ang Lean ay sining ng pagbabawas, hindi pagdaragdag. Ang Lean ay tungkol sa patuloy na pagtanggal ng aksaya sa bawat gawain sa iyong buhay – mula sa paggawa ng tanghalian,

pagbibihis, hanggang sa mga gawain sa bahay. Ito'y maaaring magpabuti sa bawat aspeto ng buhay. Oo, ang pagiging Lean ay nagpapaganda ng lahat, kahit papaano! Lahat sa buhay ay proseso. Kapag natutunan mong mag-isip nang Lean, sisimulan mong tanungin kung paano mo mapapabilis, mapapagaan, at mapapasimple ang mga prosesong iyon habang pinapabuti ang kalidad ng bawat ginagawa araw-araw. Hindi isang beses o dalawang beses, kundi araw-araw kang gagawa ng maliliit na pagpapabuti sa natitirang bahagi ng iyong buhay. Ganito namin pinapabuti ang kalidad ng buhay, negosyo, at pananaw sa buhay. Isipin mong gumaganda ang lahat araw-araw, hindi man malaki, ngunit tuluy-tuloy. Iyan ang ibig naming sabihin sa pagpapataas ng kalidad ng iyong buhay, negosyo, at pangkalahatang pananaw sa buhay. Maiisip mo ba na araw-araw ay gumaganda ang lahat kahit kaunti? Hindi malaki, ngunit tuluy-tuloy na gumaganda? Kapag naging isang Lean ka, ganito ang mangyayari – at ito ay isang napakasaya at makabuluhang paraan ng pamumuhay!

Drawers are labeled, Dishwasher step by step buttons and a red and green hook and loop dot to identify clean or dirty.

Even the Salt and Pepper shakers have a home. :)

IMPROVE THE PROCESS
- THE 8 WASTES
LEAN THINKING

The One Thing:
Finding the waste component is not a burden, it's a game – a giant scavenger hunt.

Lean Works for You

Look around you and identify one example of the 8 wastes in your life:

1. Over Production: _____

2. Over Processing: _____

3. Excess Inventory: _____

4. Defects: _____

5. Transportation: _____

6. Wasted Motion: _____

7. Waiting Time: _____

8. Not Using Employee Genius: _____

Lean videos:

1. Lean Kitchen
https://youtu.be/Ui-Lk6gK7m8

2. 8 Deadly Sins of Waste
https://paulakers.net/download/eight-wastes/

For more book resources and videos go to paulakers.net/2sl-04

Kanabata 5

Ano ang nakakainis para sayo?

Narito ang ilang halimbawa kung paano ko ipinatupad ang Lean sa bahay, hindi lang sa trabaho. May kloset ako, at tuwing pupunta ako roon tuwing umaga, may mga sampung iba't ibang kasuotan na isinusuot ko, pati na rin ang aking mga kasual na damit. Ang problema, 50 na ako at bulag na parang paniki, at hindi ko na kayang makita nang maayos ang mga kulay.



Before and after. My Lean improvement to my closet – installing voluminous lights so I can finally color match with confidence. Why did I wait 16 years!!

Nang itayo ko ang bahay 16 na taon na ang nakakalipas, naglalagay ako ng ilaw sa kloset. Gumagana pa naman ito, ngunit ang aking mga mata ay hindi na. Sa isang ilaw, may mga anino at madidilim na sulok, kaya't tuwing umaga ay nagiging mahirap. Napansin ko na inilalabas ko mula sa kloset (hindi ang aking polyester na asul na kasuotan) at pumupunta sa gitna ng aking kwarto na may mas maliwanag na ilaw upang itugma ang isang polo sa kurbata.

Ang proseso ng pagpapalit ng damit ay nakakainis na! Ano kaya kung magdagdag ako ng dalawa o tatlong mahabang ilaw? Iyon ang naging proyekto ko sa darating na linggo. Pag pinindot ko ang ilaw, nakikita ko ang bawat munting detalye ng pagkakaiba ng kulay ng aking mga kasuotan, damit, mga kamiseta, at pantalon.



Before and after. Entry coat closet. It was single rod, now double with my wife's coats on top in the choice position. I installed lights down below so I could see. It is almost an afterlife experience there is so much light.

Narito ang ilang halimbawa kung paano ko ipinatupad ang Lean sa bahay, hindi lang sa trabaho. May kloset ako, at tuwing pupunta ako roon tuwing umaga, may mga sampung iba't ibang kasuotan na isinusuot ko, pati na rin ang aking mga kasual na damit. Ang problema, 50 na ako at bulag na parang paniki, at hindi ko na kayang makita nang maayos ang mga kulay.

My friend, Karl Wadensten, who makes Vibrators... for concrete. ;) Karl is one of the best Lean thinkers I have ever met and his company is filled with people who are passionate about being at war with waste.

Arthur(79) and Henry(80) of VIBCO. They affectionately refer to themselves as "Re-treads." They are in their second careers at VIBCO and are huge contributors to the Lean culture, called upon to contribute daily to solve problems through their wealth of experience.

Ngayon, ang pagsisimula ng araw ko sa isang pangkaraniwang bagay tulad ng pagpapalit ng damit ay hindi na nakakainis o nagpapabagal sa akin. Ang mga maliliit na tagumpay na ito ay nagpapalaya sa aking isipan. Mukhang maliliit na bagay lang, ngunit kapag pinadali mo ang isang araw-araw na proseso mula sa pagbalik-balik hanggang sa madaling mga pagpipilian magiging magaan ang buhay.

Ako'y nagdurusa ng 16 taon sa problemang ito at hindi ko pa ito naresolba. Sa isang sandal ng pag unawa ("talaga nga bang nakakainis ang prosesong ito") at pangako na aayusin ito, pinabuti ko ang isa sa mga unang proseso na ginagawa ko araw-araw para sa buong buhay ko.

Ang Lean ay tungkol sa pag aayos ng mga bagay na nakakainis sa iyo. Natutunan ko ang konseptong ito kay Karl Wadensten mula sa VIBCOtm. Si Karl ay isa sa mga taong magaling mag isip pagdating sa lean na ginagawa ang lean na simple at masaya. Pinamamahalaan niya ang isang malaking kumpanya sa Providence, Rhode Island na gumagawa ng mga pang industriyang mga baybreytor. Para sa maramihang paghawak ng materyal at kongkreto.

Mayroon siyang palabas sa radyo na tinatawag na The Lean Nation at lumalakad sya sa kaniyang kumpanya na may suot na salakot at sinasabing "Nasa gyera kami laban sa pag aaksaya." Isa sa mga pinakamahusay kong kaibigan pagdating sa lean at siya ang nagpakilala sa akin sa konseptong ito. Tandaan "Ang Lean ay simpleng pag aayos ng mga bagay na nakakainis

Ang nakakainis sa akin ay hindi ko makita ang aking mga damit sa kloset. Kaya't gumawa ako ng hakbang at ipinagawa ko ito. Ngayon, para sa buong buhay ko, nasisiyahan ako sa karanasan ng pagpapalit ng damit sa umaga na may magandang ilaw habang tinatanaw ko ang aking mga pagpipilian. Hindi ko na rin kailangang banggitin na nakakuha ako ng "honey-do" dahil ang misis ko ay nagkakaroon din ng mas maginhawang paraan upang makita ang kanyang mga damit. Lahat ay panalo – isa pang benepisyo ng Lean.

Tulad ng sinabi ko, nakagawa ako ng daan-daang Mga pagpapabuting Lean sa bahay, ngunit nais kong ibahagi sa iyo ang isa sa mga paborito ko. Tuwing umaga, gumagawa ako ng tsaa. Gusto ko maglagay ng maliit na pack ng Splenda™, ilang cinnamon o kanela, at saka ang tsaa. Ginagawa ko ito araw-araw. Ang proseso ay diretso. Buksan ko ang kahon, kunin ang pakete ng Splenda™, buksan, ilagay sa tasa ng tsa, maglalakad papunta sa basurahan, at itapon ang bakanteng Splenda. Pagkatapos, maglalagay ako ng kanela sa tasa at ilagay ang kanela. Ilalagay ko ang supot ng tsaa, maglalakad papunta sa gripo ng mainit na tubig, at ilalagay ang mainit na tubig, at tapos na ako.

Sa totoo lang, hindi ko gusto ang pagbukas ng mga pakete ng Splenda. Matagal ko nang ginagawa ito at nakakapagod. Isang araw, naisip kong bumili ng Splenda ng maramihan. Bumili ako ng maliit na pang-sala ng asukal at inilagay ko ang Splenda doon. Mula noon, nagbago ang aking rutina ng kaunti. Kukunin ko ang tasa, isang Splenda, isang kanela, ilalagay ang supot ng tsaa, ilalagay ang mainit na tubig, at tapos na ako.



Lean solution!
Eliminating wasted motion. No more walking back and forth to make my tea.
Walking is waste.
Fast and Easy!

Nakakatipid ako ng limang segundo, hindi na kailangang magbukas ng pakete ng Splenda. Alam kong akala mo maliit na bagay lang ito, pero ang maliliit na bagay ay nagiging malalaki. Sunod na naisip ko, "Ako lang naman ang gumagamit ng kanela at Splenda sa bahay, kaya bakit hindi ko na lang ilagay ang kanela sa pangsala ng Splenda?"

Tea and Splenda-cinnamon mix are right by the hot water tap.

3 Teas Per Day Savings Breakdown

Time: 30 seconds per day = 3 hours per year.

Distance: 10 steps per tea x 3 teas per day = 30 steps saved per day = 32,850 feet per year = 6 miles less traveled.

Muling napadali ang rutina ko. Ngayon, isang pang-sala ng Splenda-kanela, saka ilalagay ang tsaa sa mainit na tubig at tapos na ako nang hindi gumagalaw. Nakakatipid ako ng sampung segundo araw-araw sa natitirang bahagi ng buhay ko. Syempre, gumagawa ako ng tatlo o apat na tasa ng tsaa araw-araw. Kaya, kung i-mumultiplika ang sampung segundo ng tatlong beses at makikita mong ang paggawa ng tsaa ngayon ay mabilis at nakakakuha ako ng mas mabilis na labas.

Bukod dito, isipin mo ang lahat ng iba pang bagay na naaksaya na naalis ko sa isang pangkalahatan na antas. Maraming proseso ang kasangkot. May proseso ng pagpapasok ng Splenda sa mga pakete at ang aksaya na dulot ng paggawa at produksyon na kinakailangan para gumawa ng maliliit na papel na pakete. Kailangan ng isang tao na gumawa, magimprenta at mag-lipat ng mga pakete, at pagkatapos ay ihatid ang produktong natapos sa tindahan. Kailangan pa nilang i-imbentaryo sa tindahan. Kailangan ko itong bilhin, dalhin sa bahay, at ilagay sa kahon. Pagkatapos, gagamitin ko ito at itatapon. Ang trak ng basura ay kailangang kunin ito at dalhin sa tapunan ng basura, at kailangang ibaon ng basurero.

Maraming aksaya ang kasangkot sa isang simpleng aksyon, at nangyayari ito bilyon-bilyon ng beses sa buong mundo araw-araw, hindi lang sa Splenda kundi pati sa maraming bagay. Ngayon, nawala na lahat ng iyon. Hindi ko na kailangang magtapon ng papel. Hindi ko na kailangang putulin ang puno. Ang Lean ay talagang ang pinaka-pinakamataas na pamamaraan.

Magbibigay pa ako ng dalawa pang halimbawa ng mga ginawa ko sa bahay, kahit kaya ko pang magpatuloy ng magpatuloy. Ngunit ang isa na ito ay isang paborito para sa ating lahat na ayaw maglinis pagkatapos magtabas ng damo.

Kailangan kong magtabas ng damo tuwing linggo, tulad ng karamihan sa atin. Mayroon akong dalawang ektaryang lupa, kaya gumagamit ako ng malaking komersyal na pamutol ng damo. Dati, sinusungkit ko ang mga damo, pero matagal at nakakainis ito, dahil kailangan kong bumaba mula sa gapasan at tanggalan ng laman ang supot.

Isang tao ang nagsabi sa akin na subukan kong mag-mulch o tabunan ang damo. Sabi ko, hindi ko gusto dahil hindi ganun kaganda ang hitsura ng damuhan pagkatapos ito tabunan. Nang matutunan kong magtabas ng mas mataas at kaunti lang ang mga piraso, mas magiging maganda ang hitsura ng bakuran sa huli. Kaya't sinubukan ko itong tabunan. Ngayon, hindi ko na kailangan maglagay ng pataba ng madalas, dahil ang itinabon na damo ay mas malusog para sa damuhan. Nakatipid ako ng oras at pera.

Instead of my yards being overwhelming to maintain, I make continuous Lean improvements which make maintaining it fun and easy.

Water features are for lawn mowers, too! Many practical jokes have been played on my friends by telling them to pull the handle.

Kahit mag-supot ako o tabunan, kailangan ko pa ring linisin ang ilalim ng panggapas dahil ang damo ay nag-iipon sa talim. Sa pasipikong pahilagangkanluran ako nakatira, kaya magtabas kami kahit na umuulan. Ito ay isang malaking abala at maraming trabaho. Kailangan kong bumaba mula sa damuhan gapasan, kunin ang gomang pandilig, ipasok sa ilalim ng gapasan, at linisin ang ilalim ng panggapas. Ang dalawang anak ko, na may edad na 16 at 18 taon, ay mahilig kumain ng tustadong tinapay. Gumagawa sila ng tustadong tinapay at – bilang mga kabataan – iniiwan nila ang kutsilyo ng mantikilya na nakatambak sa lamesa. Sa totoo lang, ang kasanayan na ito ay nakakabaliw na sa akin ng ilang panahon. Hindi mahalaga kung gaano ko sila pinaalalahanan na ilagay ang kutsilyo ng mantikilya sa gilid ng platito.

Lawn Mower Bidet!
Even my lawn mower gets thrilled about Lean!

Oo, sa loob ng isang araw o dalawa ay naayos ito dahil mababait na bata ang mga anak ko at nakikinig naman sila sa akin (totoo, nakikinig sila)! Ngunit, hindi nagtagal, muling nagpakita ang kutsilyo, at nag-iwan ng mumo at mantikilya sa estante. Kaya isang araw tinanong ko ang sarili ko, "Bakit palaging nauurong ang kutsilyo ng mantikilya sa lamesa?" Ang sagot ay dahil hindi tumatagal ang kutsilyo sa gilid ng mantikilya. Nahuhulog ito.

The treated 4x4 posts contain the grass clippings, the pressure washer is set up and ready to clean the underside of the mower. The water will shoot 25 feet in the air at full pressure. Kids love to play in it too!

Big yards and big jobs require big Lean thinking!

Kaya naisip ko, ano kaya ang mangyayari kung gumamit ako ng brush o pinsel para ipahid ang mantikilya sa tinapay ko? Pumunta ako sa kahon sa kusina, binuksan ito at nakakita ng pinsel na bilog, may maiikling matibay na hibla. Kinuha ko ito, inilubog sa malambot na mantikilya at tumayo ng maayos ang pinsel sa mantikilya. Gumawa ako ng tinapay para subukan ang ideya, at hayun, gumana ito nang perpekto. Ang pinsel ng mantikilya ay nanatili sa mantikilya, kaya't hindi ito madaling mahulog, at maganda pa ang itsura, nakatayo ng tuwid sa maliit na lagayan ng mantikilya. Kaya nang umuwi ako ng gabing iyon, sinabi ng anak kong babae, "Papa, kahanga-hanga ng paghaplas ng mantikilya na yan. Ang dali-dali." Iyan ang lakas ng pag-iisip na Lean. Gumagana ito at nakikita ng mga tao na gumagana ito dahil pinadali ang buhay, ginawa itong madali, at isang bagay na talagang nakakainis sa akin ay naresolba.

Ngayon, may isang mahalagang punto akong nais iparating dito. Ang Lean ay tungkol sa pagtanggal ng mga

Maiintindihan at makikilala ng mga tao ang mga bagay sa kanilang buhay na nakakainis sa kanila at nagiging sanhi ng kanilang pagkabaliw.

Bukod dito, nasisiyahan ang mga tao kapag tinatanong sila, "Ano ang nakakainis sa iyo?" Ang mga mahihiyain ay maaaring walang ibigay sa simula, ngunit tinitiyak ko na magsisimula silang mag-isip tungkol dito, at bago magtagal ay magiging kasing kasali na nila sa proseso tulad ng ginagawa mo.

Kapag pinadali natin ang mga konsepto ng Lean sa mga simpleng ideya tulad nito, lahat ay panalo. Kaya't ito ang dahilan kung bakit gumagana ang Lean kahit saan ito subukan—sa bahay at sa trabaho.

Maaaring mapabuti ang kalidad ng buhay. Tanungin mo lang ang sarili mo araw-araw, "Ano ang nakakainis sa akin?" Tinitiyak ko, ang mga sagot mo ay magugulat ka.



The infamous floating butter knife, Paul's butter brush to the rescue!

The One Thing:
You are at War with what Bugs you!

Lean Works for You

List 5 things that bug you at home:

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

List 5 things that bug you at work:

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

Lean videos:

1. Lean at Home
https://youtu.be/3F0R9iOH2_c

For more book resources and videos go to paulakers.net/2sl-05

Kanabata 5

Domo Arigoto, Ginoo Lexus!

Ngayon ay nais kong magbalik-tanaw sa Lean sa lugar ng trabaho dahil, tulad ng lahat ng paglalakbay, ang aking Lean na paglalakbay ay dumaan sa isang mahirap na bahagi. Nakikita ko ito sa mundo ng pagmamanupaktura at korporasyon.

Why isn't this working like they said it would?

Para sa ilan, ang salitang "Lean" ay nagdudulot ng kalungkutang ekspresyon o takot. Sila ang mga tao na sinubukan ang Lean at naranasan ang parehong mahirap na bahagi na naranasan ko. Ang bahaging ito ay senyales na ang nag-aaplay ng Lean ay hindi lubos na nauunawaan ang kabuuang kalikasan ng Lean. Ang dalawang biyahe ko sa Japan sa loob ng limang taon ay nagbigay sa akin ng pagpapahalaga sa Lean na pag-iisip at motibasyon upang ipatupad ito nang epektibo.

Sa mga unang araw ng paglalakbay, ang aking impresyon sa Lean ay isang napaka-gandang na kasangkapan sa negosyo na tutulong sa aking kumpanya na lumago Kung gagamitin lamang ang Lean

Ang unang tatlong buwan ay dumaan ako sa isang pabago-bagong karanasan ng emosyon. Ang mga pagbabago, kahit mahirap tanggapin, ay nagdala ng makabuluhang gantimpala – nakatipid ang kumpanya ng maraming dolyar at nagbigay ng bagong hangin ng episyensya at kasimplihan sa FastCap. At iyon ay sa loob lamang ng tatlong buwan!

Pakiramdam ko'y parang isang bagong tao... parang nakamit ko ang isang makabuluhang bagay. Panahon na para umuwi ang mga konsultant, ngayon na alam ko na kung ano ang ginagawa ko, tama ba? Mmmm, hindi pa ganoon kabilis! Ang mga tinatawag kong "malalaking" pagbabago na naranasan ko ay itinuturing na maliit lamang sa mata ng mga tagapagturo ko. Nang ikwento ko sa kanila ang aking mga plano na magtayo ng mas malaking pasilidad, tiningnan nila ako na parang ako'y baliw. "Bakit? Sobra na kayo!" sabi nila. Hindi ko pa rin naiintindihan.

I've done it! Time to celebrate!

Dito pumasok ang suhestiyon ni Brad at Jon na makilahok ako sa isang bagong programa. Maglalakbay ako kasama ang iba pang mga lider ng negosyo patungong Japan para sa isang pagsasanay sa pagmamanupaktura ng Lean. Kasama sa paglalakbay ang isang malapit na oryentasyon sa Toyota Production System (TPS). Paano ko tatanggihan? Ang Japan ay ang Banal na Lupa, ang inang bansang pinagmulan ng Lean. Siyempre, sinabi ko OO.

Ang unang paglalakbay na ito patungong Japan ay parang isang pagdagsa ng kaalaman at inspirasyon. Nabalisa ako sa sobrang dami ng impormasyon at impresyon na hindi ko kayang iproseso. Ang mga pasilidad sa produksiyon ay mga institusyon ng episyensya at kasimplihan. Para akong nanonood ng isang tao na tinatapos ang trabaho ng sampu sa pinakamalinis na lugar na nakita ko. Hindi ko alam kung paano ko ibabalik ang lahat ng bagong impormasyong ito sa aking mga tao, ngunit nakumbinsi akong ang Lean ay makakatulong sa marami sa mga problema ko sa FastCap.

My first trip to Japan with Brad and Jon from Gemba Research.

Lean from their work spaces to their manufacturing...

Pagbalik ko, nagpatuloy ako sa pagpapabuti at nagsimulang maglunsad ng mga kaganapan na tinawag na kong Kaizen. Ang Kaizen ay isang proseso kung saan isang grupo ng mga empleyado ang tumututok sa isang proseso at sinuri ang bawat hakbang, pagkatapos ay pinagsama muli ito – tinatanggal ang mga hindi kailangang gawain o aksaya. Isang pangkat na pamamaraan sa paggawa ng mga pagpapabuti.

Sa mga sumunod na taon, marami ang mga pagpapabuti sa FastCap. Nagtanggal kami ng maraming bagay na hindi kailangan, pinadali ang mga proseso at nakita ang negosyo na lumago. Kailangan kong aminin, bagama't ang Lean na pagmamanupaktura, sa isang punto, ay naging parang isang paulit-ulit na gawain. Napansin ko na ako na lang ang nagiging tanging puwersa sa likod ng aming pagpapatupad ng Lean. Habang ako ay nandiyan upang maglunsad o mag-lead ng mga mga sesyon ng ideya o Kaizen, nakikita namin ang progreso.

These people are dialed in! Even her coat is ironed.

Pero kapag ako'y hindi naroroon o naglakbay, parang tumigil ang lahat kung saan ito iniwan. Para itong pagtulak ng tren. Kapag nakatagpo ako ng mga tao na nagpatupad ng Lean, karaniwan nilang nararamdaman ang pagkabigo dahil hindi nila makuha ang Lean na talagang mag-ugat sa kanilang kumpanya.

Naniniwala ako na ito ang punto kung saan marami ang sumusuko sa Lean. Ako'y labis na nagpapasalamat na hindi ako sumuko, dahil ang nangyari sa aking ikalawang paglalakbay patungong Japan ay isang makasaysayang sandali sa kung paano ko naunawaan ang malaking larawan. Natuklasan ko ang nawawalang ugnayan sa aking mga pamamaraan at kung bakit hindi ko kayang gawing permanente ang Lean na pag-iisip. Kailangan kong malampasan ang "paggawa ng mga kaganapang Lean" na paulit-ulit na gawain at ang ikalawang paglalakbay na ito patungong Japan ay nagbigay sa akin ng tamang pananaw na kailangan ko.

What a contrast! Stacks of batchwork before and now fast and simple one piece flow! Building just what you need when you need it. One piece flow is counterintuitive. Batchwork seems faster and more efficient but it is just the opposite. In this picture we show one of our many U-shaped Lean cells throughout our facility.

Ang tampok ng ikalawang biyahe ay ang paglibot sa planta at dalawang oras na lektura mula sa Bise-Presidente ng Lexus. Ang pasilidad at isa sa mga pinaka eleganteng at nakakabilib na modelo ng produksiyon na aking nakita. Sa pagtatapos ng paglibot, nagtanong ako "Ano ang pinakamahalagang bagay para sa Toyota?" Inaasahan kong makakatanggap ng sagot bukod sa karaniwan nang sagot na "pagtanggal ng mga bagay na maaksaya sa pamamagitan ng pagpapabuti," dahil ito ang mga pundasyon ng Lean na paggawa. Nangailangan ako ng isang sagot na iba, isang bagay na mas nakakaintriga, kahit hindi ko alam kung ano ito. Hindi ako nabigo ng Bise-Presidente.

On the bus on our second tour of Japan.

Walang pag-aalinlangan niyang sinabi, "Ang pinakamahalagang bagay para sa Toyota ay ang mga tao.

The most important thing for Toyota™ is people – teaching and training people in a culture of continuous improvement.

Ang Toyota ay tungkol sa pagtuturo at pagsasanay sa mga tao at pagbuo ng isang kultura ng pagpapabuti. Hindi kami nagmamadali sa susunod na hibrido, ang susunod na kamangha-manghang inhenyeriya, o pati na rin ang susunod na estratehiya sa benta. Ang aming pangunahing alalahanin ay kung paano palalakasin ang aming mga tao at kung paano bubuuin ang kultura ng pagpapabuti." Hindi ito ang sagot na inaasahan ko, ngunit ito ang naging "Eureka!" sabi ko habang nasa biyahe.

Ang limang taon na aking ginugol ay nakatutok sa pagtatanggal ng aksaya at pagpapabuti. Ang Toyota, sa kabilang banda, ay nababahala sa pagbuo ng kultura sa pamamagitan ng pagtuturo at pagsasanay sa kanilang mga tao. Sa kaibahan, pinipilit kong kumbinsihin ang aking mga tao na yakapin ang pag-iisip ng Lean sa pamamagitan ng mga "Kaganapang Lean."

Ang aking maling akala, ngunit may pag-asa, ay na sana makita ng aking mga empleyado ang kamangha-manghang proseso ng pagtukoy ng mga bagay na pwedeng maaksaya at pagpapabuti sa parehong kasabikan na nararamdaman ko. Kung mararanasan nila ang Lean proseso sa aking pananaw, alam kong tatanggapin nila ito nang may sigla.

Endless teaching, training and building a culture of continuous improvement.

Ang aking pagsisimula sa Lean ay hindi rin naiiba. Kailangan kong isama ang bagong paraan ng pag-iisip bilang permanenteng pagbabago, at kailangan kong hikayatin ang mga manggagawa, empleyado sa bodega, at iba pang mga kasamahan na yakapin ito. Hindi ko alam kung paano, ngunit ang nangyari sa aking paglalakbay sa Japan ay nagbigay sa akin ng tamang direksyon!

On my way home with a new understanding, new determination and a new goal.

The One Thing:
At its Core, Lean is really about the process of growing people.

Lean Works for You

Name five things you are doing currently to grow people that you have influence over:

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

Name one thing you are going to start doing tomorrow to grow people:

_____

Lean videos:

1. Lean Lexus
https://youtu.be/Wa1sAR1aYzo

2. FastCap Company Goals
https://paulakers.net/download/company-goals/

For more book resources and videos go to paulakers.net/2sl-06

Kabanata 7

Mag-isip tayo gaya ng mga Hoks!

Pagkatapos naming umalis sa Lexus, ang susunod naming destinasyon ay ang Hoks,isang kompanya sa paggawa ng *electronic circuitry*. Sinabi sa amin ni Brad na sa lahat ng mga kompanyang bibisitahin namin sa Japan, ang Hoks ang magiging pangunahing modelo ng kung paano maaaring baguhin ng pag-iisip ang isang negosyo. Sa kabila ng taunang kita na $100 milyon, itinuturing pa rin ang Hoks bilang isang maliit na kompanya.



Early 7 am at Hoks

Matatagpuan sa katimugang bahagi ng Japan, ang Hoks ay isang nakaaantig na kwento ng tagumpay ng isang kompanya na nalampasan ang lahat ng pagsubok mula sa pagkawala ng $10 milyon taun-taon tungo sa pagkakaroon ng $10 milyon na taunang kita.

Paano nila ito nagawa? Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng Lean na estratehiya o mas angkop na tawagin itong Lean na kultura! Sabik akong makita ito at matuto mula sa isang kompanyang nanggaling sa bingit ng pagkabangkarote tungo sa tagumpay. Dumating kami sa Hoks ng alas-siyete ng umaga, nakapormal – kaswal na kasuotan at inaasahang makatatanggap muli ng parehong espesyal na pagtanggap tulad ng sa Lexus. Ngunit sa halip, binigyan kami ng pangulo ng Hoks, si G. Manabe, ng mga brush at timba. Pinatayo nya kaming lahat sa sahig kasama ang iba pang mga opisyal ng kompanya, upang maglinis nang nakaluhod! Ito ay isang bagong antas ng Lean na hindi ko pa nararanasan, kaya't likas lamang na kami'y nagulat.

On hands and knees, the president of Hoks performing the same 3S chores as team members. If you are like me, you are probably thinking to yourself, there has to be a more efficient way to do this... The purpose of this exercise was not efficiency, but humility.

Ipapakita ng pangulo ng Hoks sa amin ang isa sa mga pangunahing prinsipyo ng Lean, ang 5S-ing. Narito ang mabilis na paliwanag tungkol dito.

Mayroong limang prinsipyo ng Lean na itinuro sa mga pinuno ng negosyo. Ang mga bagay na ito, na tinutukoy bilang "The 5Ss of Lean," ay isang pangunahing simulang punto para sa mga bago sa Lean na pag-iisip. Ang "5Ss" ay:

1. Sort (Pagbukod) - Pagbukod at pagtatanggal ng mga hindi kailangan upang mabawasan ang kalat.



2. Straighten (Ayusin) - Ayusin at i-organisa ang mga kagamitan para sa mas mabisang trabaho.

3. Shine (Paglinis) - Panatilihing malinis ang kapaligiran upang mapanatili ang sigla at madaling matukoy ang mga sirang kagamitan.

5. Standardize (Istandardisa) - Magtatag ng mga pamantayan upang malinaw kung ano ang dapat gawin at inaasahan.

4. Sustain (Panatilihin) - paghahanap ng mga paraan upang mapanatili ang mga pagbabago sa lugar.



Bumalik tayo sa kwento ng aming pagbisita sa Hoks. Habang naglilinis kami ng sahig, ibinahagi ni G. Manabe at ng direktor na si G. Emoto ang kanilang karanasan noong ang kompanya ay nasa bingit ng pagkabangkarote. Ang kanilang desisyon na bumuo ng Lean na kultura ay ang huling paraan upang mailigtas ang kompanya. Sa halip na gamitin ang buong 5S, pinili nilang pagtuunan ng pansin ang tatlo lamang: sweeping, sorting, at standardizing.

All hands on deck, 3S-ing at Hoks. Every morning and everyone.

Ang pagbabago mula sa $10 milyon na pagkalugi patungo sa $10 milyon na kita ay tila isang himala, ngunit ito'y resulta ng simpleng plano ng pagsunod sa tatlo sa 5S!

Nalaman ng presidente ng Hoks ang tungkol sa Lean at nagsimulang ipatupad ito sa pinakasimpleng paraan na alam niya. Ipinakita nito iyon na sa isang maliit na bagay, kahit na ang mga hakbang ng sanggol patungo sa tagumpay ay maaaring makapag-ambag sa malaking paraan.

Mr. Emoto sharing the story of Hoks while on the shop floor.

Tuwing alas-siyete ng umaga, dumadating ang mga empleyado upang magwalis, magbukod, at sumunod sa pamantayan, kahit na walang bayad. Sa proseso ng 3S, nabuo ang pagkakaisa sa pagitan ng mga manggagawa. Ang simpleng 3S ay nagbigay ng sapat na resulta upang magdulot ng tagumpay at responsibilidad sa bawat isa.

Habang naglilinis at nag-aayos, natuklasan nila ang napakaraming basura na nagpapababa sa kanilang produktibidad—mula sa mga sobrang mesa, upuan, at kagamitan.

None of us really understands how much junk is impeding our effective work.

Ang sandali ay naging nakakagiliw at ang lahat ng kasali ay ipinagmamalaki ang nangyari dahil alam nilang kritikal ito sa kaligtasan ng kanilang kompanya at mahalaga sa patuloy na tagumpay nito. Ang mga namumuno ay nagsusuot ng parehong uniporme, nagwawalis ng parehong sahig, at nagtatrabaho sa parehong mesa tulad ng lahat ng iba pa. Ang bawat isa ay nirerespeto at tinatrato bilang mga pantay-pantay. Lahat ay nakikilahok sa patuloy na pagpapabuti, na nagdudulot ng mas maraming ideya at higit pang paglahok. Tuwing umaga bago sila magsimula sa kanilang trabaho, isinasagawa nila ang company-wide 3S-ing. Pagkatapos ng isang oras at kalahating pagdating ng mga empleyado, ang pangulo ng kompanya ay tinatawag ang lahat upang magsagawa ng ehersisyo habang may kasabay na magandang musika ng Hapon.

Above: The Hoks team having lunch in their blue uniforms.
Right: Working efficiently at their stand-up desks.

Ang sandali ay naging nakakagiliw at ang lahat ng kasali ay ipinagmamalaki ang nangyari dahil alam nilang kritikal ito sa kaligtasan ng kanilang kompanya at mahalaga sa patuloy na tagumpay nito. Ang mga namumuno ay nagsusuot ng parehong uniporme, nagwawalis ng parehong sahig, at nagtatrabaho sa parehong mesa tulad ng lahat ng iba pa. Ang bawat isa ay nirerespeto at tinatrato bilang mga pantay-pantay. Lahat ay nakikilahok sa patuloy na pagpapabuti, na nagdudulot ng mas maraming ideya at higit pang paglahok. Tuwing umaga bago sila magsimula sa kanilang trabaho, isinasagawa nila ang company-wide 3S-ing. Pagkatapos ng isang oras at kalahating pagdating ng mga empleyado, ang pangulo ng kompanya ay tinatawag ang lahat upang magsagawa ng ehersisyo habang may kasabay na magandang musika ng Hapon.

Pagkatapos ay nakikipag-usap siya sa kanila tungkol sa mga mahahalagang isyu at prinsipyo tungkol sa kompanya, at isang oras at kalahati matapos dumating ang mga empleyado sa araw, nagsimula silang magtrabaho sa aktwal na paggawa ng mga produkto ng Hoks. Kahit na ang kompanya ay nakarekober na, ang mga empleyado ng Hoks ay ipinagmalaki ang 3S araw-araw.

Isa pang kapansin-pansin ay ang mahusay na kompetisyon ng Hoks laban sa isang produktong katulad mula sa isang kompanyang Tsino, kahit na ang gastos sa paggawa ng Hoks ay 17 beses na mas mataas kaysa sa kompanyang Tsino. Ang Lean na diskarte ay laging magreresulta sa mas simple, mas ligtas, at mas magaling na produkto, at mas masaya at mas kasangkot ang mga empleyado! Ang oras na inilaan sa mga tao at kanilang kapaligiran sa trabaho ay kritikal sa tagumpay ng Lean. Ang Hoks ay isang halimbawa ng etika na ito at naranasan nila ang tagumpay na kaakibat ng disiplina upang panatilihin ang kanilang mga pinaniniwalaan. Marami pang hindi malilimutang bagay ang nakita namin sa Hoks. Ang pinaka nakakagulat na bagay ay halos lahat ay parang may gulong, kabilang ang kanilang mga mesa!

Even President Manabe's stand-up desk is on wheels!

Ang lahat ng kanilang mga mesa ay ginawa mula sa *"Gemba" pipe* (ibig sabihin *"shop floor"*), na ginawa para sa isang mas simple, mas flexible na desk at mas mataas. Isa pang kapansin-pansing tampok tungkol sa mga mesang ito ay walang nakaupo dito! Tumatayo ang lahat. Mayroong ilang mga upuan sa pal igid ngunit bihira namin itong makitang ginamit.

Desks raised, plants, filing cabinets, everything is on wheels and easily mobile.

Heavy racking on wheels.

The waiting room furniture was on wheels.

Lahat ay may label at may sulat, at ang ibig kong sabihin ay lahat, kasama na bawat switch ng ilaw at orasan ng saksakan ng kuryente. Ito ay kamangha-manghang ang kahulugan ng kaayusan at disiplina, na parang wala pa akong nakita. Matapos ang isang masusing paglilibot sa kanilang pasilidad at dalawang oras na panayam mula sa presidente ng Hoks, nilapitan ko siya, katulad ng ginawa ko kay Lexus VP. Tinanong ko siya kung ano ang nangyayari kapag ang ibang mga kompanya tulad ng Nissan™, Ford™, Chrysler™, at iba pang mga kompanyang Hapon ay dumating upang makita ang mga nagawa ng kanyang kompanya.

Tumingin siya sa akin at sinabi, “Paul, hindi makapaniwala ang matatalinong tao na puwedeng ganito lang kasimple.” Doon ko nakuha ang aral – ang kabiguan na dulot ng pagpapahirap sa mga bagay-bagay.

Sa katunayan, binawasan ng presidente ng Hoks ang pinaka-pundamental na Lean na talaan mula sa 5Ss patungong 3Ss at ginawa itong sobrang simple na 100% ng pangkat ay kayang maunawaan at makamtan ang mga layunin. Ang isang pare-parehong disiplina sa patuloy na pagpapabuti ay tulad ng gasolina na nagpapaandar sa makina.

Ginawa ng presidente ng Hoks na madaling maintindihan ang kanyang pasilidad sa pamamagitan ng malalakas na biswal. Agad niyang isinama ang mga empleyado sa proseso ng pag-aayos at pagsasaayos ng kanilang sariling lugar ng trabaho at ang naging resulta nito ay ang kaligtasan at pagsulong ng kanyang kompanya. Ito ay dahil lumikha siya ng isang Lean na kultura, gamit ang 3Ss para sa tagumpay.

Lean

Not Lean

Tungkol sa paghihirap na nararanasan ko sa FastCap. Kung pakiramdam mo ay parang nagtutulak ka ng tren o umiikot ka lang sa paikot-ikot na pagpapakapagod upang magtagumpay sa Lean, mali ang ginagawa mo. Ang Lean ay simple sa pinakapundasyon nito. Kapansin-pansing tataas ang tsansa ng kabiguan kung palalalain mo pa ito.

Sinamahan ako ng tagapamahala ng FastCap, si Jon Lussier, sa ikalawang pagbisita ko sa Japan. Agad kaming nagplano at gumawa ng istratehiya. Naunawaan ko na kailangan naming lumipat mula sa “Lean na kaganapan” patungo sa pagtatayo ng Lean na kultura. Paano namin itatayo ang Lean na kultura sa Bellingham, Washington, at muling gawin ang kultura ng Hoks sa FastCap? Isa sa aming layunin ay magmukhang Hoks sa loob ng isang taon. Bagamat malayo pa kami sa layuning iyon, naniniwala kami na posible ito. Kaya’t ang tanong na lumitaw ay: Paano magtatayo ng Lean na kultura?

Jon and I reaching our goal and climbing Mt. Whitney, 14, 494 feet. Next we headed home to achieve our goal of building a lean culture.

The One Thing:
Smart people can't believe it can be this simple

Lean Works for You

What things have you been over-complicating?

What are the top three things you need to simplify for your team to succeed:

1. _____

_____

2. _____

_____

3. _____

_____

Note: I realized I needed to focus on my ineffective training and leadership style. I had a strong tendency to blame the employees instead of realizing most of the problems stemmed from ineffective leadership, poor processes and bad training.

Lean videos:

1. Art of Subtraction
https://youtu.be/QZUPPQ7tGx4

2. Keeping the Rope Tight
https://youtu.be/nYDSC7zWMxI

More Videos on the Next Page

3. Where it all began Hoks
https://youtu.be/nG4i2XVZm7A

4. Hoks
https://youtu.be/0UFxBhvaOAE

For more book resources and videos go to paulakers.net/2sl-07

Kabanata 8

Magtayo tayo ng Lean na Kultura

Sana ay napatunayan ko na kung paano ang pag-iisip ng Lean ay maaaring magbago ng isang negosyo at tahanan. Dapat ay nakikita mo na ang Lean ay nakatutok sa *improvement* ng proseso sa pamamagitan ng pag-aalis ng pag-aaksaya, at nagsisimula ito sa simpleng tanong: "Ano ang nakakaabala sa akin?" Napag-usapan ko rin kung paano ang Lean ay maaaring maging mabigat kapag nakatutok lamang tayo sa proseso at hindi



Matapos ang aking ikalawang pagbisita sa Japan, natutunan ko na para magtagumpay ang Lean ng pangmatagalan, kailangan kong buuin ang isang Lean na kultura. Ito ang pinakamalaking hamon—paano nga ba magtatag ng kultura ng patuloy na *improvement*? Paano mo hihikayatin ang mga tao upang laging maghanap ng paraan para mapabuti?

Aminado akong wala akong alam tungkol dito. Nakita ko ang Lean na kultura sa Hoks at iyon ang nais kong mangyari sa aming kumpanya. Alam ko na kailangan itong maging simple, kaya't maintindihan ito ng lahat mula sa paligid ng paggawa hanggang sa opisina. Kailangan din itong maging matibay, isang natural na paraan ng pag-iisip na magpapatibay sa mga paniniwala ng kumpanya at mga empleyado.

Simple lang ang aming mga paniniwala. Nais namin ang patuloy na *improvement*, nakatutok sa kalidad, at ang pag-aalis ng pag-aaksaya sa bawat hakbang.

FastCap's Morning Meeting.

- *Review Mistakes*
- *Review Improvements*
- *Sales Numbers*
- *FastCap Principles*
- *Raving Fan Letters*
- *Product Training*
- *History Lesson*
- *Stretching*

Nagsimula kami sa paggaya ng nakita namin sa Hoks, at nagsimula kami sa tinatawag na pang-umagang pulong. Tuwing alas-8 ng umaga, naglalaan kami ng lima hanggang sampung minuto para magtipon bago magsimula ang trabaho. Nagsimula kami sa mga pangunahing bagay, tulad ng pagbabasa ng araw-araw na benta at pagsusuri sa mga pagkakamali sa mga nakaraang araw. Binubuksan namin ang diskusyon para sa mga suhestiyon kung paano maiwasan ang mga pagkakamali at kung anong mga bagong proseso at sinusuri ang pagiging epektibo ng mga ito. Iyon ang tatlo o apat na bagay na palagi naming ginawa araw-araw.

Ngunit isang ideya ang dumating sa amin. Napansin ni Leanne, ang aking asawa, kung paano ang mga librong binabasa namin ay may malalim na epekto sa aming pananaw. Palagi kaming nagbabasa ng mga libro karamihan tungkol sa negosyo, pagpapabuti ng sarili, o kasaysayan at araw-araw kaming nag- uusap tungkol dito. Ang aming pangkalahatang tagapamahala, si Jon, ay isa ring masugid na mambabasa. Kaming tatlo ay madalas na nagkakaroon ng talakayan at sinusuri ang mga natutunan namin o kung ano ang nagustuhan (o hindi nagustuhan) namin sa mga libro.



Continuous learning for everyone is the backbone of a Lean Culture.

Ang ilan sa mga paborito namin ay *Good to Great* at *Built to Last* ni Jim Collins. Nagustuhan din namin ang *Built From Scratch* (kwento ng Home Depot). Bilang mga lider, ang pagbabasa at pagtalakay ng mga prinsipyo mula sa mga librong ito ay nagsilbing gabay namin sa paglutas ng mga problema. Naisip namin na kung isasama namin ang buong kumpanya sa pagbabasa ng mga librong ito, makakatulong ito upang magka-isa kami sa pananaw. Sa huli, ang layunin namin ay lumikha ng kultura ng mga tagalutas ng problema. Sa huli, ang layunin namin ay lumikha ng kultura ng mga tagalutas ng problema.

Small sample of FastCap's library. Smart educated people can solve any problem.

Ang ilan sa mga paborito namin ay *Good to Great* at *Built to Last* ni Jim Collins. Nagustuhan din namin ang *Built From Scratch* (kwento ng Home Depot). Bilang mga lider, ang pagbabasa at pagtalakay ng mga prinsipyo mula sa mga librong ito ay nagsilbing gabay namin sa paglutas ng mga problema. Naisip namin na kung isasama namin ang buong kumpanya sa pagbabasa ng mga librong ito, makakatulong ito upang magka-isa kami sa pananaw. Sa huli, ang layunin namin ay lumikha ng kultura ng mga tagalutas ng problema. Sa huli, ang layunin namin ay lumikha ng kultura ng mga tagalutas ng problema.

Nais naming maging pinakamahusay na mga tagalutas ng problema sa buong mundo, kaya't ibinahagi namin ang mga mahahalagang aral mula sa mga kilalang mga pinuno ng negosyo.

Isinama namin sa pang-umagang pulong ang pagbabasa ng ilang bahagi mula sa mga librong ito. Binabasa namin ang dalawa o tatlong pahina araw-araw, tinatalakay ang mga pinakamahalagang puntos, at binubuksan ang talakayan para sa komento o suhestiyon.

Kahit kaunti lang ang binabasa, nakatuon kami sa layuning magtulungan sa pagkatuto. Marami kaming librong binasa, kabilang na ang *Raving Fans* at *The Purple Cow.* Hindi kami tumigil sa pangako na ito at nagkaroon kami ng pagkakaisa sa ideya ng buong grupo.

The key to teaching history is to make it fun and interesting. There is an endless supply of high quality historical videos that will energize and fascinate even the biggest history haters among us... Make it fun!

Ang pang-umagang pulong namin ay lumago mula sa limang minuto hanggang tatlumpu hanggang apatnapung minuto. Sinusuri namin ang benta, mga pagkakamali, mga pagpapabuti, at nagbabahagi kami ng ilang pahina mula sa libro para sa mas malalim na pag-iisip.

Hindi nagtagal, ang mga miyembro ng aming team ay nagsimulang mag- isip tulad namin, at kami ay nagkakaintindihan na! Ipinapakilala namin sa kanila ang mga ideya at mga makabagong lider mula sa buong mundo ng negosyo. Hindi nagtagal, nagsimula kaming magpalawak mula sa negosyo at pagpapabuti ng sariling mga libro patungo sa kasaysayan. Bilang isang mahilig sa kasaysayan, hinikayat ko ang aming mga tao na mag-isip mula sa makasaysayang pananaw. Paano nilutas ng mga tao sa nakaraan ang mga problema? Anong mga dahilan ang isinasaalang-alang nila bago lutasin ang isang isyu? Ang ganitong uri ng kritikal na pag- iisip ay naging mahalagang bahagi ng kultura ng pagpapabuti.



People you would never expect to speak in front of large groups become proficient and comfortable as a morning meeting leader.

Ang unang tatlong buwan ay mahirap. Parang hinihila namin ang mga ngipin upang panatilihing interesado at masigasig ang lahat. Hindi lahat ay nakisama at may ilan na nag-isip na kami'y medyo baliw. Bakit namin "sinasayang" ang unang oras ng araw na hindi gumagawa? Bakit kami nakatayo at nakapaikot sa pang-umagang pulong? Ngunit pagkatapos ng tatlong buwan, nagsimulang magmukhang maganda ang mga bagay at pagkatapos ng anim na buwan, dahil hindi kami sumuko (tulad ng isang magandang *diet*), nagsimula talagang gumanda ang lahat. Pagkatapos ng isang taon, kami ay naging masigla at puno ng enerhiya.

Hindi lang namin pinag-uusapan ang patuloy na *improvement*, tinuturuan namin ang mga tao kung ano ang hitsura nito sa araw-araw. Ang unang taon ng pang-umagang pulong ay naging mas maganda, patuloy na umunlad at napabuti. Pagkatapos ng isang taon, nagkaroon kami ng isang mahalagang pagbabago. Palagiang pinagpapatuloy ang pagpupulong ng isa sa amin, ako o si Jon, ang aming pangkalahatang tagapamahala.

Ngunit habang lumalaki ang negosyo at dumadami ang mga pangangailangan sa aming oras, napansin namin na may mga pagkakataon na wala kami dahil sa mga biyahe. Mahirap mapanatili ang kalidad ng pagpupulong kung wala kami. Kaya't nagdesisyon kami na turuan ang mga tao kung paano mamuno ng pagpupulong at hayaan silang maranasan ito. Nagsimula kaming paikutin ang tungkulin ng pinuno sa umaga sa bawat empleyado.



Building leaders one check mark at a time.

Ngayon, hindi lang kami nagtuturo ng patuloy na pagpapabuti, kundi tinuturuan namin silang maging mga lider. Ang mga tao na dati'y mahihiyain at hindi kayang magsalita sa harap ng marami, ngayon ay naging epektibong lider sa aming kumpanya.

Alam mo ba? Paano nila naramdaman ang tungkol sa kanilang sarili? Naramdaman nilang maganda ang kanilang kalagayan dahil araw-araw silang pumapasok sa trabaho at nakikita nila ang *improvement* sa kanilang sarili pati na rin sa kanilang trabaho. Ito ang simula ng kung paano kami nagtatag ng kultura ng patuloy na *improvement*.

Jeff Kaas of Kaas Tailored, aircraft interior manufacturers. Lean teacher extraordinaire, Jeff gives two Learn to See Tours a week.

Araw-araw, nagbubuo kami ng mga lider sa FastCap. Isang kaibigan ko, si Jeff Kaas, na nagtatayo rin ng kultura ng Lean sa kanyang negosyo, ay nagbigay ng mahalagang payo sa akin. Sinabi niya, "Paul, kung gusto mong tumaas ang antas ng mga tao mo, magsimula kang magsama ng mga tao para maglibot sa inyong pasilidad."

The best way to move Lean to the next level is to let people see your work.

Iniisip ko, sapat ba tayo upang gawing halimbawa n g i b a sa pagpapatupad ng Lean?? Sinabi ni Jeff, "Kapag palagi kang binibisita ng iba upang makita kung anong ginagawa mo, ang mga tao mo ay magsisikap upang magtagumpay sa mga inaasahan ng iba. Magiging mas magaling sila nang hindi nila namamalayan."

Kaya't nagsimula kaming mag-imbita ng ibang mga kumpanya upang maglibot sa aming pasilidad. Ano pa nga bang mas magandang paraan upang ipakita ang aming mga pagsusumikap para sa *improvement*?

Dino Rossi, Washington State, State Senator

Hindi ko inaasahan, may mga benepisyo pa itong dala. Naramdaman ng aming mga tao na maganda ang kanilang kalagayan dahil ang ibang tao ay interesado sa kung anong ginagawa nila. Natutunan ko na ang pinakamahalagang bagay na nais ng bawat isa sa buhay ay ang makilala at mapuri.

Sa pag-imbita sa iba upang makita kami, ipinapakita namin sa mundo, "Tingnan ninyo ang magagandang bagay na ginagawa namin!" Sa pamamagitan ng pagbibigay ng "paglilibot sa kapaligiran" sa FastCap, ipinapahayag namin sa mga tao namin na sila ay gumagawa ng natatanging trabaho.

Rob McKenna, Washington State Attorney General

Marami kaming dapat ipagmalaki. Sa kabila ng mga pagsubok, hindi kami nagtanggal ng mga empleyado ni nagbawas ng sahod.

Patuloy kaming lumalago at nagkaroon ng negosyo sa 40 bansa. Isa kami sa mga pinaka-kumikitang kumpanya sa aming rehiyon, at may pinakamataas na sahod mula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababang posisyon. Ang aming tagumpay ay dahil sa pagtutok sa pagpapalago ng mga tao.

Hindi lang kami nag-uusap tungkol dito, kundi namumuhunan kami ng oras at pera sa pagsasanay at pagtuturo. Ang mga naglilibot sa amin ay nagtataka kung paano namin nahasa ang mga bagong empleyado. Ang sagot namin ay, “Ang bawat isa ay hinahasa araw-araw.” Hindi katulad ng ibang kumpanya na isang linggo lang sinusuri ang manwal, kami ay sinusuri ang aming mga layunin, mga prinsipyo, at pagpapabuti araw-araw. Pinapahalagahan namin ang bawat puna at pagkakamali upang patuloy na mag-improve. Hindi lang kami nag-uusap tungkol dito, kundi namumuhunan kami ng oras at pera sa pagsasanay at pagtuturo.

Ang mga naglilibot sa amin ay nagtataka kung paano namin nahasa ang mga bagong empleyado. Ang sagot namin ay, “Ang bawat isa ay hinahasa araw-araw.” Hindi katulad ng ibang kumpanya na isang linggo lang sinusuri ang manwal, kami ay sinusuri ang aming mga layunin, mga prinsipyo, at pagpapabuti araw-araw. Pinapahalagahan namin ang bawat puna at pagkakamali upang patuloy na mag-improve.

Sa FastCap, ang bawat isa ay may tungkulin bilang *process engineer.* Hindi kami nagtatayo ng produkto, kundi nagpapabuti ng proseso ng paggawa ng produkto. Ito ang dahilan kung bakit kami ay isang natatanging kultura ng Lean. Ang pagkakasunod-sunod ng *improvement*ay mahalaga.

Una, iniimprove namin:

- Ang indibidwal
- Ang proseso
- Ang produkto

Ito ay double ‘I’-PP (I.I.P.P). Gusto naming sabihing sa FastCap, kami ay nasa negosyo ng pagpapalago ng mga tao. Ang resulta ng pagpapalago ng mga tao ay ang paggawa namin ng mga natatanging produkto;



Morning Meeting Agenda

- 7:30-7:55 Leader preps for the meeting
- 7:55 Leader Announces over intercom and walkie-talkie 5 minutes until morning meeting
- 8:00 Good morning FastCap!
- 8:01 Announce tomorrow's Meeting Leader
- 8:02 Sales Numbers
- 8:03 Mistakes and discussion
- 8:10 Raving Fans
- 8:15 Product Review
- 8:20 Improvement
- 8:25 FastCap Principles
- 8:30 History and Enrichment
- 8:35 Constitution
- 8:40 Stretching
- 8:45 Back to Work

Note:

1. The times are approximate. Our morning meeting generally takes 30 minutes, but can take up to an hour depending on subjects and issues of the day.
2. We have the morning meeting every morning. We do not miss it. It is the most important way we build our culture. In the beginning, our morning meetings were only 5 minutes long. We recommend that you start the same way and make it sustainable.
3. Constant review and testing of the material you cover is critical for retention.
4. We are often asked if we have new employee orientation. The answer is "No." The morning meeting provides daily orientation and is infinitely more effective.

FastCap's Daily Morning Meeting Agenda.

At FastCap we have the best trained people in the world and we do it every day.

Ang inaasahan ng bawat tao sa FastCap ay patuloy na magiging mas maganda ang mga bagay araw-araw; ang kultura namin ay sumusuporta at umaasa dito!

Ganito mo sukatin ang progreso ng pagtatayo ng kultura ng Lean: mga ngiti. Makikita mong mas marami ang ngiti dahil magaan ang pakiramdam kapag ang lahat ay nakakaranas ng *improvement* at nagtatrabaho sa isang malinis na kapaligiran.

The number one thing that people want in life is to feel that their ideas matter and they are making a difference.

Ang pagpapalago sa mga tao upang maging pinakamahusay sila, ang pagtutok sa pagsusuri ng mga resulta, ang pakikinig sa mga ideya para sa *improvement*, at ang pagtutulungan sa pagkatuto ay ang layunin ng aming pang-umagang pulong. Mula sa Antas ng panimula na empleyado sa kanilang unang araw ng trabaho, hanggang sa akin bilang may-ari – sabay- sabay naming tinatanggap ang proseso ng pagkatuto at *improvement.* Walang sinuman ang pinapalampas, at walang sinuman ang pinipili sa inaasahan ng *improvement*. Ito ang simula ng pagbuo namin ng kultura sa FastCap. Ang pang-umagang pulong ay simula pa lamang.

The One Thing:
Show me your checkbook and where you spend your money and I will show you what you value.

Lean Works for You

Begin by outlining what your first morning meeting will look like. 5 minutes is all it takes to get started:

1. _____

2. _____

3. _____

4. _____

Make it easy and go to: **www.fastcap.com/content/lean-videos**
Under Lean Documents Download the FastCap Morning Meeting (Keynote or PowerPoint) document.
Change it 99% or 1%, it's there as a FREE resource to get you going on your Lean Journey.

Lean resources:

1. Morning Meeting Document
https://paulakers.net/download/morning-meeting-pdf/

2. Morning Meeting Dashboard
https://paulakers.net/download/morning-meeting-dash-board-excel/

For more book resources and videos go to paulakers.net/2sl-08

Kabanata 9

Higit Pa sa Pagpupulong sa Umaga

Ang pagpupulong sa umaga ay nagbigay daan upang magsimula kami sa pagtatayo ng isang kultura, na may layuning magturo at magsanay ng mga tao. Ngunit kailangan din naming itanim sa isipan ng bawat isa ang kahalagahan ng patuloy na ***improvement***. Kailangan naming hikayatin ang mga tao na gumawa ng mga ***improvement*** araw-araw, upang makagawa kami ng mas mataas na kalidad ng produkto sa mas mababang halaga, habang masayang nararamdaman ang tagumpay sa ating trabaho.

Ang Lean ay hindi lamang tungkol sa pagpapalago ng mga tao para sila ay maging masaya at makilahok, kundi tungkol din sa kung anong resulta—mga konkretong resulta na nagpapakita ng tuloy-tuloy na ***improvement***.

Paano namin ito nagawa? Kung sinabi ko sa mga tao ko, "Gusto kong makagawa ka ng isang ***improvement*** araw-araw," tiyak titingnan nila ako ng may pagtataka. Ang iba ang sasahot ng "Hindi ko alam kung makakaisip ako ng isang pagpapabuti ngyaong" Ito ay siguradong mukang tunong utos ng mataas, hindi ba?

Kaya't binago ko ito at ginawa kong simple.Naalala mo ba ang modelo ng Hoks? makikilahok. Ang Maganda sa kanilag kumpanya ay pinapanatili niloa ang simpleng proseso para masiguradong makikiisa ang kanyang mga tao,

Sabi ko sa mga tao ko "Bibigyan ko kayo ng isang simpleng layunin: isang ***improvement*** na 2 ***second*** araw-araw. Iyon lang. Iyon lang ang hinihingi ko."

Walang tao sa mundo, pati na ang daga, na hindi kayang mag-isip kung paano mapapabuti ang isang bagay ng 2 segundo. Ginawa kong mababa ang pamantayan, kaya lahat ay kayang lampasan ito. Nagsimula kami sa 2-segundong pagpapabuti araw-araw, at upang matiyak na magagawa nila ito, nagsimula kaming maglakad upang mapabuti ang umaga. Bawat isa ay dumating sa trabaho ng 7:00 ng umaga, at ang aming pagpupulong ay mula 8:00 hanggang 8:30. Sa makatuwid, ang mga tao ay hindi mismong nagtatrabaho ng kanilang mga kailangan gawin kundi ang oras na iyon ay naka reserba para sa 3Ss. Naaalala mo pa ba yon? Ang 3Ss ay, Sweep, Sort and standardize. Sweep, (linisin ang lugar), Sort (ayusin) at standardize (gawing naaayon sa pamantayan).

Everyone in improvement mode from 7-8.

Showing a Kanban system improvement.

The stamp licker has a home now.

Get over here and look at my improvement.

Shadow foaming all the tools.

Sa pamamagitan ng pagcocommit sa 3Ss, nabibigyan ang bawat isa ng pagkakataon na maghanap ng 2-segundong pagpapabuti. Ang pagbubukod-bukod sa mga kalat na nagbabadyang mabuo sa aming mga lugar ng trabaho ay may magandang maidudulot.

Alam ng lahat na may isang oras, mula 7:00 hanggang 8:00, upang makagawa ng pagpapabuti sa kanilang lugar ng trabaho. Upang mapatibay ang ideyang ito, nagsimula akong maglakad lakad sa bawat departamento at batiin ang mga tao “Kamusta, Austin! Ano ang iyong pagpapabuti ngayon?” Ano ang iyong pinagkakaabalahan?

Kapag ang mga tao ay bumibisita sa FastCap, sinasabi nila ang mga bagay na tulad ng "ito ang pinakamalinis na lugar na nakita ko, kayo ay fantastic, maging ang asin at paminta ay may label.”

Ang ikalawang hakbang ay isang simpleng proseso na kayang sundan ng lahat. Pinanatili namin itong simple, at isinama sa araw-araw na trabaho. Walang lugar sa mundo na hindi makikinabang mula sa isang 2-segundong pagpapabuti.

Kamakailan, itinuro ko ang prosesong 2-segundong pagpapabuti sa mga tauhan sa pamahalaan ng lungsod na malapit sa aking tinitirhan. Sa unang linggo, lahat sila ay nakaisip ng mga pagpapabuti, at ang ilan sa mga ito ay nakapag-save sa kanilang oras araw-araw. Isipin mo iyon! Ang hinihingi ko lang ay 2 segundo, pero nakapagbigay sila ng mga pagpapabuti na tumagal ng ilang oras.

Ito ang mahika ng pagiging simple nito. Nang ipaliwanag ko ang 2-segundong pagpapabuti kay Harry Kenworthy, Mayroon akong isang ininterbyu sa aking palabas sa radyo “The American Innovator” Tinanong ko sya kung sa tingin niya ay magiging epektibo ito sa anumang kapaligiran. Sabi niya, “OO naman” Sinabi ko, “Bakit sa tingin mo ay gumana ito ng maayos sa FastCap?” Sabi niya,“Simple lang, Paul. Upang makagawa ng bagay na tumatatak, una kailangan mong

- Magtakda ng expectation
- Suriin ang expectation
- Palakasin ang expectation

Hindi ko naintindihan ang tatlong konseptong ito mula sa pananaw ng negosyante, at hindi ko inihanda ang proseso ayon sa mga hakbang na iyon, ngunit ginagawa ko na pala ito nang hindi ko namamalayan. Inaasahan ko sa mga tao ko na gumawa ng 2-segundong pagpapabuti, at malinaw na itinatakda ang inaasahan sa pamamagitan ng pagbigay ng oras sa kanilang araw upang magawa ito.

Ang paglalakad sa umaga ay nagpapatibay sa expectation. Minsan, may makikita akong tao na “hindi makaalis sa isang sitwasyon” at tinutulungan ko silang makahanap ng 2-segundong pagpapabuti. Sa huli, pinapalakas ko ang kanilang kaugalian sa pamamagitan ng pagdiriwang ng mga pagpapabuti sa pagpupulong s aumaga.

Ang mga leader ng koponan ay naglalakad din at pinapayagan ang mga tao na ipakita ang mga

Guys, this is not what I meant by “Growing People”... Now where is the improvement?

Yuriy puts clear tape over the labels so that they hold up to continuous use.

pagpapabuti na kanilang nagawa sa kanilang mga lugar. Isa itong epektibong teknik sa pagtatayo ng kultura. Nagpatuloy kami sa hakbang na magdiwang ng mga magagandang ideya sa pamamagitan ng pag-bidyo sa mga ito upang ipalabas sa pagpupulong sa umaga.



Watching improvement videos in the morning meeting.

Bago kami magsimulang mag-bidyo, ang buong kumpanya ay iniikot upang makita ang mga iba't ibang pagpapabuti. Ngunit nagiging problema ito dahil marami kaming tao at tumatagal ito.

Bukod dito, ang mga lugar na aming tinitingnan ay isang manufacturing cells at tanging ang mga tao sa harap lang ang nakakakita at nakakarinig ng mga demonstrasyon. Nang magdesisyon kami na simulan ang ideya gamit ang bidyo kamera, nakatagpo kami ng apat na hindi inaasahang benepisyo.

Una, hindi na namin kailangang umikot sa buong kumpanya at sa bawat departamento. Ikalawa, lahat ng tao ay malinaw na makakakita at makakarinig ng demonstrasyon sa pamamagitan ng bidyo sa pagpupulong sa umaga. Ikatlo sa mga hindi inaasahang benepisyo ay ang paghusay ng presentation at kasanayan sa pagsasalita ng aming mga tao. Nagkaroon sila ng pagkakataon na mapaunlad ang kanilang kakayahang ipahayag ang kanilang mga ideya at magsalita sa harap ng kamera, na isang mahalagang kasanayan sa panahon ngayon. Panghuli, nakabuo kami ng isang makapangyarihang video library para turuan ang iba kung ano ang itsura ng mga pagpapabuti sa Lean.

Ang pag-katalog at pag-bidyo ng aming mga pagpapabuti ay nagbigay din ng mahusay na mga materyales pang-promosyon. Ang mga tao na bumisita sa aming pasilidad ay maaaring makita ang mga ideya sa aming website. Ang tampok na ito ay naging isang kasangkapan sa pagtuturo sa iba, at ikinatutuwa ng aming mga tao na makita na ang mga tao mula sa iba't ibang bahagi ng mundo ay pinapanood at natututo mula sakanilang pagpapabuti.

Ang personal kong layunin (Big Hairy Audacious Goal) ay baguhin ang mundo at tulad ng makikita mo, ginagawa ito ng mga tao ko.

Ang paglakad para sa pagpapabuti sa umaga ay nagging pangalawang mahalagang aspeto sa pagtatayo ng kultura ng patuloy na pagpapabuti, at nagdulot ito ng mas maraming pagpapabuti kaysa sa inaasahan namin.

Ganyan talaga ang kalikasan ng pag-iisip ng Lean—ang mga benepisyo nito ay patuloy na nagbabalik. Ngayon, alam kong nagtatanong ka, "Paul, ginagawa mo ba ito araw-araw?" Ang sagot ay OO! Ginagawa namin ito araw-araw sa loob ng higit limang taon. Hindi namin ito iniiwan. Bahagi ito ng aming kultura. Mas mahalaga pa ito kaysa paggawa ng mga kagamitang maliit, mga kasangkapan sa kahoy, o anumang pamang ibang bagay dahil alam naming na kung mayroon kaming mahusay na tagalutas ng problema, hindi mahalaga kung ano ang ginagawa namin ngayon o limang taon mula ngayon. Magagawa namin ito ng mahusay kahit ano man ang ibigay sa amin.

Ang pinakamalaking problema ng mga tao sa ideya ng pagpapabuti ng 2 segundo ay ang pagtitiwala na hindi nila masisira ang proseso o gagawing mas mahirap. Ang sagot ay, magagawa nila. Magkakamali sila at matututo mula rito. Upang magtagumpay sa Lean, kailangan mong may mga lubak o hadlang na darating, ang pinakamagandang paraan ng pagkatuto ay sa pamamagitan ng paggawa ng mga pagkakamali. Tandaan, ang hinahanap natin ay mga maliliit na pagpapabuti, kaya't ang mga pagkakamali ay dapat maliit din. Ang bawat pagkakamali at bawat pagpapabuti ay nagiging mahalagang bahagi ng pagbuo ng kultura ng patuloy na pagpapabuti.

THE ONE THING:
TWO SECONDS WILL CHANGE
THE WORLD!

Lean Works for You

Write down your first ten 2 second improvements:
(Remember the best place to start is with what bugs you.)

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____
6. _____
7. _____
8. _____
9. _____
10. _____

Lean videos:

1. Lean Morning Improvement Walk
https://youtu.be/3OEePS7Oh_g

2. Lean Dust Control
https://youtu.be/Su_c2UhSRDw

For more book resources and videos go to paulakers.net/2sl-09

Kabanata 10

Gawin Natin Ito sa Banyo

Sa FastCap, masaya kami sa aming trabaho. Isa sa pinakamasayang bahagi ng aming araw ay kapag nagpapakita kami at inililibot ang mga bisita. Pagkatapos nilang makita ang aming kumpanya habang nagtatrabaho, sa pamamagitan ng umagang pulong at lakad ng pagpapabuti, kadalasan nilang tinatanong, “Paano ako magsisimula? Parang napakarami at nakakalito.”

Dito ko sasabihin, “Madali lang ‘yan,” at dadalhin ko sila sa isa sa aming limang banyo. Binuksan ko ang pinto at sasabihin, “Pumasok ka at ipapakita ko sa’yo kung paano magsimula sa pagpapalaganap ng kultura ng patuloy na pagpapabuti.” Tinitingnan nila ako nang may halong pagtataka at sumasagot ng, “Talaga? Gusto mong matutunan ko ito sa pamamagitan ng pagpasok sa inyong banyo? At prod kong sinasabi na “Mayroon kaming pinakamalinis na mga banyo sa buong mundo. Pantay-pantay ang lahat ng aming banyo, dahil ang banyo namin ang pamantayan para sa kung paano namin gustong magmukhang Lean ang buong pasilidad.” Lumikha kami ng pamantayan na madaling maintindihan ng lahat.Kung tutuusin, Ang banyo ay isang karanasan na nag-uugnay sa aming lahat at karamihan sa amin ay makikita ito tatlo o apat na beses sa isang araw habang nagtatrabaho. Kapag sinabi namin na lahat ay dapat kaparehong pamantayan ng banyo, alam ng mga tao kung ano ang ibig naming sabihin. Ngayon, hayaan mong ipakita ko kung ano ang itsura ng aming banyo. Puno ng mga larawan ang librong ito, bilang patunay ng aming pinalawak na Lean na pamamaraan! Makikita sa mga larawan na bawat banyo ay may stainless steel rack na may mga gamit na kinakailangan – pangbomba sa kubeta, pang-kuskos ng kubeta, mga tissues ,pang-punas, panlampaso, aspirina, at iba pang gamit na ginagamit namin araw-araw upang panatilihing malinis ang aming mga banyo.

Come on in! Lean begins in the bathroom!

Every bathroom is standardized with the same cleaning supplies in the same places... It is very easy to maintain a spotless bathroom!

Nang magsimula kami sa pagbabago ng aming mga banyo, isang bagay na napansin namin ay maraming klaseng panlinis at pamamaraan sa paglilinis ng banyo. Wala itong naka-standarisa na proseso. May mga iba-ibang panlinis kami at mga pamamaraan para linisin ang banyo, na kabaligtaran ng Lean. Naaalala mo ba ang 3Ss na natutunan natin mula kay Hoks – sweep, sort, at standardize? Ang pagsubok na alamin ang paboritong

Clean toilet and the seat is DOWN!

Bathroom Cleaning Chart

Sa pinto ng bawat banyo ay may laminated card na may mga larawan ng anim na hakbang upang linisin ang banyo at isang larawan ng taong responsable sa paglilinis niyon sa araw na iyon. Sa FastCap, wala kaming tagapaglinis. Kami lahat ang naglilinis ng banyo, pati na ako.

Ang banyo ang nananatiling perpekto buong araw dahil sa ito ay nagpapakita ng respeto mo sa ibang tao. Kung iiwanan mo ang banyo na malinis pa kaysa sa kung paano mo ito nadatnan, ito ay nagpapakita ng simpleng tanda ng respeto para sa ibang tao.

Ang upuan ay nakababa, walang ihi sa upuan, walang tuldok ng tubig sa salamin, at malinis ang lababo. Ganito ang kalagayan ng bawat banyo namin buong araw. Hindi ako nagmamagaling! Puwede kang pumasok sa kahit anong banyo namin anumang oras ng araw, at makikita mong kasing linis pa rin ng unang linis sa umaga. Ang dahilan nito ay may tatlong prinsipyo na gumagana.

Una, iwanang mas maganda kaysa sa kung paano mo ito nakita. Kung sa ganon ay patuloy ang pagpapabuti.

Ikalawa, respeto sa mga tao. Simpleng bagay tulad ng pag-iwan ng upuna na nakababa ay isang simbolo ng respeto sa iba. Kapag iniwan mong mas maganda ang lahat kaysa sa kung paano mo ito nadatnan, nililinis mo ang sarili mong kalat, kaya nagpapabuti ka para sa iba, at isang tanda ito ng respeto.

Ikatlo, lumikha ng pamantayan na madaling ma-access ng lahat. Gumawa kami ng pamantayan gamit ang isang simpleng modelo na madaling maintindihan ng lahat: ang banyo. Ang banyo ay biswal at madaling intindihin. Ano pang mas magandang lugar para magsimula ng kultura ng patuloy na pagpapabuti kundi ang banyo?

1. Iwanang mas maganda kaysa sa kung paano mo ito nakita.
2. Respeto sa mga tao
3. Lumikha ng pamantayan

Windex is great for everything!

Ang payo ko sa mga gustong magtayo ng Lean na kultura ay magsimula sa banyo at dahan-dahang ipatupad mula doon. Puwede na, gawin ito sa banyo!

Ang pagtatayo ng Lean na kultura ay sa pamantayan at pagpapasimple ng lahat ng bagay. Balik tayo sa 3Ss, ito ay isinwept at pinanatiling malinis sa isang simpleng paraan. Ito ay naiayos – tinanggal namin ang lahat ng mga hindi kailangang produkto – at ito ay nai-sunod sa pamantayan. Ginagamit namin ang parehong produkto sa lahat ng banyo at ang parehong listahan. Ang gawain ay umiikot at kaya nilang gawin ito nang perpekto, dahil ang lahat ng bagay ay nasa tamang lugar, saan man sila magpunta at ito ay 100% na mahuhulaan. Ginawa naming ang proseso ang eksperto, hindi ang mga tao. Sa paggawa nito, binibigyan namin ng pagkakataon ang aming utak para sa mas mataas na pag-iisip, tulad ng patuloy na pagpapabuti at inobasyon. Hindi namin hinahayaang masayang ang oras namin na maghanap ng mga gamit tulad ng mga gamit sa paglilinis at pangbomba sa kubeta. Kung hindi mo alam kung paano magsimula ng pag-iisip ng Lean, simulan mo sa banyo!

THE ONE THING:
LEAN STARTS IN THE BATHROOM.

Lean videos:

1. Lean Bathroom
https://youtu.be/cul_Ypj0Inw

For more book resources and videos go to paulakers.net/2sl-10

Kabanata 11

Paano ko sisimulan?

Sa mundo ng *Lean*, may tinatawag kaming *spaghetti trail.* Isang simpleng proseso ng *Lean* kung saan ay lumilikha ng chart ng daan na tinatahak ng isang tao upang magsagawa ng isang karaniwang gawain, tulad ng pagaalis ng mga pinggan sa hugasan. Karamihan sa atin ay magugulat sa dami ng mga aktibidad na walang halaga (paglalakad, pag-abot, pagbukas at pagsasara) kumpara sa mga aktibidad na may halaga (paglalagay ng mga pinggan at kubyertos sa mga kabinet at kahon). Ang aktwal na oras na may halaga ay napakaliit kumpara sa nasasayang na oras.

Landas ng ispageti

Gayundin, sa mga gumagamit ng kompyuter na ginugol ang karamihan ng oras nila sa pag-click at paghahanap ng mga dokumento, imbes na magdagdag ng halaga at mag-improve ng isang bagay. Talagang batid ko ang aksaya at madalas kong nakikita ang sampung email na sagutan namin ng aking mga kasamahan na dapat isang o dalawang email lang. Siyamnapung porsyento ng lahat ng ginagawa natin araw-araw ay pag-aaksaya. Iyan ay isang estadistikal na katotohanan. Ang mga tao ay may likas na kakayahan na lumikha at mag-*improve*,



Computer Jock

ngunit mahalaga na ito ay ma-develop at magamit sa buong potensyal nito. Tayo ay mga likas na tagapagbigay-solusyon sa ating mga problema. Ngunit madalas, hindi natin ginagamit ang likas na potensyal na ito dahil wala tayong tamang proseso upang magamit ito. Hindi tayo mga langgam na basta kukuha ng butil ng buhangin.

Tayo ay may kakayahang magtanong, “Paano ko ito magagawa ng mas mabuti?” at tayo ay gagawa ng escavator. Ang susi ay ang lumikha ng isang stratehiya at pagkakaroon ng metodolohiya gamit ang kaalaman na kaloob ng Diyos. Ito rin siguro ang dahilan kaya ako ay masyadong pursigido sa Lean.

Siguro ang pinaka-magandang kwento na magagamit ko ay ang kwento ng aming graphic design department. Aaminin kong hindi madaling makatrabaho ang mga graphic designers. Sila ay mas nakatuon sa disenyo at kadalasang kulang sa improvement ng

Noong una, may dalawang pang-full-time graphic designer kami at palaging naiipon at hindi natatapos ang mga trabaho. Habang nakakatrabaho ko sila, napansin ko ang labis na pagbukas at pagsara ng mga file, at paghahanap ng mga dokumento. Hindi ko maintindihan kung paano naging magulo ang proseso. Nang tanungin ko sila, sasabihin nilang ganito talaga ang paraan ng pagtatrabaho ng mga graphic designers. Alam ko na maaari pa itong mapabuti. Kahit gaano ko sila turuan tungkol sa Lean upang mag improve, hindi ako nagtagumpay na makuha ang improvement na kinakailangan.

Dahil sa pagpupumilit kong maisakatuparan ang *Lean*, ang isa sa mga graphic designer ay nagbitiw. Oo, ito ang halimbawa ng hindi pagiging mabuting leader ni Paul at wala akong sinabing ako ay perpekto. Ang pangalawa naman ay kinailangan naming tanggalin. Sa halip na kumuha ng ibang propesyonal, dinala ko si Graham mula sa pagawaan. Siya ay nagsanay mag-isa upang maging isang graphic designer na nagtrabaho sa pagawaan at siya ay nakakagawa ng mga *2-second improvement*. Sa loob ng ilang linggo, natutunan niya ang mga kinakailangang kasanayan at natapos ang mga gawaing naiiwan.

Ngayon, hindi lamang kami nakahabol sam ga trabaho, kundi naging isang tao na lang ang kailangan namin para tapusin ang trabaho ng dalawa. Karamihan sa mga trabaho ay natatapos sa loob ng isang oras mula nang ito'y ibigay sa kanya. Hindi siya tumitigil sa pag-iimprove at tumutulong pa sa tatlong ibang departamento araw-araw.

Ipinapakita nito kung paano ang 90 porsyento ng ating ginagawa ay pag-aaksaya. Marami pang pagkakataon upang mawala ang mga aksaya at hayaang dumaloy ang halaga sa mga panloob at external na mamimili.

The One Thing:

Lean is a system that taps into the genius that God designed into all of us

Lean videos:

1. How to see waste
https://youtu.be/5waluwZiF4Y?t=266

2. Lean Dishwasher
https://youtu.be/QT67y5Y84eY

For more book resources and videos go to paulakers.net/2sl-19

Kabanata 20

Mga Lean All-Star

Paulit ulit kong naririnig mula sa mga tagapamahala sa kalagitnaang antas, “Hindi maintindihan ng amo ko at hindi niya susuportahan ang mga bagay na sinusubukan kong gawin.” Ang aking sagot ay palaging pareho; “Magpokus ka sa iyong sarili, paunlarin ang iyong impluwensya, at maging tapat sa pagpapabuti ng iyong buhay. Kung gagawin mo ito, mabilis kang aangat at magkakaroon ng promosyon, at magiging lider ka ng iyong organisasyon o ng ibang kumpanya na may malasakit sa *Lean Leadership*.”

Malaki ang pinagkaiba ng *Lean Leadership* sa iba pang klase ng *leadership*. Sa karaniwang mga lider, sila ay nag-aalala lamang tungkol sa kanilang sariling posisyon at estado. Ang *Lean Leader* ay laging iniisip ang mga tao na kanyang pinamumunuan at kung paano matutulungan at mapabuti ang buhay ng bawat isa. Ang ganitong klasend pamumuno ay bihirang makita sa iba. Madalas akong tinatanong kung may kilala akong *Lean Leader* na nais mamuno ng isang malaking organisasyon. Sa kasamaang palad, ang sagot ko ay laging hindi. Marami na akong nakilalang mga *Green at Black Belt Certified Practitioners* ngunit kakaunit lamang ang kayang makaimpluwensya sa iba. Kamakailan lamang, tinanong ako ulit kung may kilala akong *Lean Leader* para sa isang posisyon sa isang malaking korporasyon. May isang tao akong naisip na may kwalipikasyon, at ang pangalan niya ay Bruce. Narito ang sagot ni Bruce sa akin, at ito ang diwa ng kabanatang ito. Kung naiintihan mo ang *Lean Leadership*, ikaw ay isang pambihirang tao, at walang limitasyon ang iyong tagumpay.

Hi Paul,

Salamat sa pag-alala sa akin para sa posisyong ito. Isang karangalan! Mukha itong isang mahusay na kumpanya.

Tulad mo, nag-aalangan akong magrekomenda ng kahit sino maliban kung sila ay tunay na Lean all-star. Kilala ko ang ilang mga tagapagsanay ng Lean, ngunit kakaunti lang sa kanila ang may kakayahang magbigay ng inspirasyon upang gamitin at yakapin ang Lean. Sa tingin ko ay hindi etikal na magrekomenda ng isang Lean Practitioner dahil lang sila ay kaibigan o kasamahan.

Isa lang ang kilala kong may kakayahang magtagumpay sa posisyong ito, ngunit siya ay kumikita na ng mataas at masaya sa kanyang trabaho at buhay sa Mississippi.

Pasensya na at hindi kita mabigyan ng iba pang impormasyon.

-Bruce

Inirekomenda ko si Bruce sa trabaho hindi dahil sa mga datos ng kanilang matagumpay na *Lean*. Hindi siya nagpakitang-gilas gamit ang terminolohiya at koseptong Japanese. Nakilala ko siya ng ako ay minsang nagbahagi ng salita. Pumunta siya upang matuto, kahit na may 15 taon siyang karanasan kaysa sa akin. Kasama niya ang kanyang mga tao na tuwang-tuwa tungkol sa *Lean*! Ang kanilang kultura, hindi ang mga kasangkapan ng Lean, ang naging susi ng kanilang tagumpay. Ganito ko sinusukat ang tagumpay sa *Lean*. Hindi pa ako nakakakita ng ganitong klaseng kultura na walang kamangha-manghang resulta, ngunit nakakita na ako ng may kamangha-manghang statistics, ngunit wala naming kultura. Maging *Lean All-star*, at ikaw ay mamahalin, papahalagahan, at bibigyan ng gantimpala.

Kapag ako ay maghahanap ng empleyado, inuuna ko ang karakter kaysa sa kasanayan. Kaya kong turuan ang kahit sino ng kasanayan, ngunit ang

karakter ay bihirang matutunan. Kamakailan, bumuo ako ng bagong paraan upang i-screen ang mga aplikante sa Fastcap. Hinihiling ko sa kanila na magpadala ng 2-3 minutong bidyo tungkol sa kanilang sarili. Marami kang matutunan mula sa kanilang reaksyon. Sa mga *all-stars* ay walang problema at agad gagawin ito kahit hindi pa nila ito nagagawa noon. Ang iba naman ay nag-aalangan at gagawa ng rason kung bakit ayaw nila itong gawin. Ang simpleng hakbang na ito ay nagpapakita ng personalidad ng tao. Ito rin ang paraan upang makakilala ng maraming tao na makakatulong sa desisyong gagawin sa pagkuha ng mga bagong miyembro ng kumpanya. Narito ang isang halimbawa ng *video resume* na ginawa ko gamit ang iPhone. Ang pangalawang *video resume* naman ay mula kay Graham, isa sa aming mga *all-stars* na syang lilipat na sa Denver area. Bagamat nalungkot kami na aalis na siya, tutulungan ko pa rin siya na makahanap ng kumpanya kung saan ay maipagpapatuloy nya ang pagiging malaking impuwensya dahil sa kanyang kaalaman sa pagbuo ng *Lean Culture*.

Muli, ang paggamit ng bidyo ay isang makapangyarihang kasangkapan na makapagpapaiba sa iyo mula sa ibang tao. Sabi nga nila, kung gusto mong makuha ang atensyon in iba, kailangan mong maging kapansin-pansin. Ang paggawa ng normal o lumang paraan ay hindi kapansin-pansin. Ang pagpapadala ng bidyo na resume ay isang nakakaintrigang hakbang at, sa karamihan ng tao, kahanga-hanga.

Ang pagkatutong makipagkomunika sa ganitong malikhaing paraan ay magtutungo sa iyo upang maging isang *Lean all-star*.

The One Thing:
All-Stars love people and inspire them

Lean videos:

Paul's Example of a Video Resume
https://youtu.be/bF7rOuBQDok

Graham's All-Star Video Resume
https://youtu.be/g0-3oeq981Q

For more book resources and videos go to paulakers.net/2sl-20

Kabanata 21

Gumawa ng *Lean Blast Off*

Maraming tao ang tinatanggihan ang "simpleng" solusyon dahil nararamdaman nilang ito ay nagpapakita ng kanilang kakulangan sa pag aksyon. Kapag nagdagdag ka ng kumplikasyon/problema, pinapabagal nito ang proseso at nagiging mahirap magpatuloy. Narito ang aking 11 hakbang para mapabilis ang *Lean Culture*, ayon sa kahalagahan. Kung kulang ang kalakasan ng iyong kultura, balikan ang hakbang 1 at ulitin hanggang magtagumpay.

1. Dapat maging ehemplo o gampanan ng CEO o presidente ang *Lean* ng personal at hindi ipasa ito sa ibang tao.

2. Magdaos ng regular na pagpupulong bilang isang koponan, mas mabuti araw-araw, para talakayin ang mga isyu, *improvements*, at mga *Lean principle*. Sa *FastCap*, itinuturing naming *Super Bowl* ang bawat araw upang magtagumpay sa puso at isipan ng aming mga kustomer at koponan. Ang ganitong kaisipan ay nagdudulot ng positibong epekto sa bawat aspeto ng kumpanya.

3. Matutunan at ituro ang 8 pagaksaya. Dapat alam ito ng lahat sa kumpanya, hindi lang na-memorize. Ang basura ay nagsisimula sa sobrang produksyon, kasunod ang transportasyon, imbentaryo, depekto, sobrang pagproseso, galaw, at paghihintay. Malaking bahagi ng Lean ang pag-unawa at pagtanggal ng mga pag aaksaya sa proseso.

4. Gumawa ng simpleng bidyo, bago-at-matapos ang improvement. Mag simula ng YouTube channel upang mabilis kumalat ang konsepto. Ang paggawa ng mga bidyo agad ay mas mainam kaysa maghintay para sa perpektong kondisyon. Ang mahalaga ay agad na makuha ang epekto ng bawat pagbabago.

5. Huwag kailanman ituro ang ibang tao at tingnan ang kanilang pag aksaya. Sa halip, ituon sa iyong sarili at ayusin ang mga pagaksaya. Ang tunay na pagbabago ay nagsisimula sa sarili at sa iyong mga aksyon. Ang iyong halimbawa ay magbibigay inspirasyon sa iba upang magbago.

6. Wala kang makita kung saan nangangailangan ng pag papabuti? Ayusin ang mga bagay na nakanakakapagpabagabag sayo. Ang anumang walang pag usad o walng progreso ay isang oportunidad para sa *improvement*. Sa isang oras lamang na ginugol ko sa isang tao

ay nakakita ako ng 10 bagay na nangangailangan ng *improvement*, kasama na ang aking sarili.

7. Saan ka mag sisimula? Paano mo makikita kung saan nangangailangan ng pag *improvement*? Tingnan kung saan may mga hakbang at kakulangan sa proseso ng trabaho, dapat ito ay tuloy-tuloy. Kapag nahinto, paniguradong mali at may pag kukulang.

8. Kailangan ko ba ng tutulong saakin? Kukuha ba ko ng kasangguni? Ang sagot ay syempre, hindi. Kung kukuha ka ng kasangguni ay aasa ka lamang sa kanila, Ang pag kakaroon ng mentalidad ukol sa Lean ay Madali lamang di-gaya ng inaakala ng iba. Kung ito ay matutunan mo sa sarili mo ay magiging bahagi ito ng iyong pagkatao. Ang mga kasangguni ay hindi lahat nakasasama. Sa katunayan marami ang magaling at may mabuting naibabahagi. Namamali lamang ng pang unawa ang ibang sumasangguni at nakatoon lamang ang kanila pag iisip sa kung ano ang ihinain at suhestyon.

Huwag kang kumuha ng kasangguni upang mag dulot ng Lean sa inyo organisasyon. Karaniwan sa kanilang pagtuturo ay katulad ng tipikal nap pagpupulong sa kwarto na hindi naangkop sa tunay na pangangailangan. Ito ay dapat isagawa kung saan ang lugar ng trabaho at hind isa silid pag pupulong.

9. Huwag gawing Lean ang iyong pamilya. Ipakita mo ito sa pamamagitan ng paggawa ng maayos, at magiging mapang-akit ka sa iba. Ang Lean na pamumuno ay nakikita sa mga aksyon at hindi sa salita lamang. Ang simpleng aksyon ay may malalim na epekto sa paligid mo.

10. Kung hindi ako pinakamataas na lider, paano ako makatutulong sa pagbabago at pag buo ng *Lean culture*? Hindi hadlang kung ano man ang katayuan mo sa buhay, bawat indibidwal ay may impluwensya sa kahit na sino at ano mang bagay. Mah taguyod ng Lean sa iyong saklaw at maaring ikaw ay maging lider din.

11. Huwag maghanap ng kumplekadong resulta upang solusyunan ang problema. Sa halip, laging ihain ang simple at sa punto na solusyon. Gamitin ang utak, hindi ang bulsa.

The One Thing:
Lean is fun. If there's no fun, you're missing the dessert of life

Lean videos:

Weekend Lean
https://youtu.be/gHlnhjea61w

For more book resources and videos go to paulakers.net/2sl-21

Kabanata 22

Bidyo *Afterburner*

Ang kabanatang ito ay tungkol sa pagpapalaganap ng *Lean*. Libulibong kumpanya sa buong mundo ang nagpatupad ng 2-Segundong modelo sa pamamagitan ng pagpapadali at pagpapasaya sa *Lean*. Ang tanong ngayon ay, paano mo mapapalakas ang iyong masayang kultura ng *Lean*? Ang dahilan kung bakit marami sa mga kultura ang nagtagumpay sa pagpapatupad ng Lean ay dahil tapat sila sa proseso. Bumuo sila ng isang katugon na pattern ng araw-araw na:

- 3S
- 2 *second improvements*
- Pulong sa umaga
- Mga bidyo bago at pagkatapos

Nakapunta na ako sa mahigit 50 na bansa. Ang aking mga paglalakbay ay nagbibigay daan upang makita ko ang iba't ibang klase ng organisasyon. Ang pagpapahayag na ito ay nagbigay sa akin ng mga simpleng paraan upang magpatuloy ang mga pagpapabuti na makakapagdulot ng malalim na pagbabago sa aking kumpanya at iba pa. Napansin ko ang isang organisasyon na nakagawa ng higit sa 2000 pagsusulong na bidyos, ngunit hindi ganoon kataas ang panonood ng mga bidyos na ito kumpara sa inaasahan ko. Magaganda ang mga bidyos, ginawa ng mga empleyado ito ng may kasigasigan at pagiging malikhain, pero hindi napanood ng buong koponan, at ang naisip ko agad, "sayang!" Dapat napanood ito ng lahat, sobrang ganda ng mga bidyos. Kailangan nilang tanungin: May maayos bang paraan para maipamahagi ang mga ito? May organisadong proseso ba para matutunan ng lahat mula sa mga bidyos na ito?

Sa *FastCap*, ipinapatupad namin ang Lean sa lahat ng aspeto ng aming ginagawa, lalo na sa pamimili. Isang beses sa isang linggo, nagse-send kami ng 2-*Second Lean e-mail blast* sa mga tao sa buong mundo para ipakita ang mga nagpapadala na ginagawa ng iba. Isang beses sa isang linggo, nagsusulat kami ng email para sa produkto para makita ng aming mga kustomer ang mga bagong pagbabago na patuloy naming ipinakikilala. Ang resulta ay kamangha-mangha.

Lean E-Blast

Ang pinakamagandang bahagi ay madali lang gawin dahil gumawa kami ng mga panipat para sa mga email na ito at ang kailangan lang naming gawin ay ipadala ito sa tamang listahan ng pamamahagi. Naisip ko kung bakit hindi nagsusend ang mga kumpanya ng sarili nilang *2 Second Lean* pagsusulo ng bidyos sa kanilang empleyado sa isang organisadong paraan? Nagsimula akong magmungkahi sa mga organisasyon na magpadala ng lingguhang email kasama ang mga magagandang bidyos na ginawa ng kanilang kumpanya sa buong listahan ng email ng mga miyembro. Gaya ng inaasahan, ang mga resulta ay kamangha-mangha.

Ang susi ay gawing:

- Simple
- Kaunting salita lang
- Malinaw na link ng bidyos na pwedeng pindutin
- Personal: palaging nakadirekta sa taong tatanggap ng email
(halimbawa: “Kamusta Paul”)

- Kung maaari, magtanong. “Maaari mong paniwalaan na nakatipid si Bob ng ganitong oras? Panoorin ang bidyos sa ibaba at tingnan kung paano niya ito nagawa.”

Ito ay sinasadyang pagsasanay na sa pinakamataas na antas. Sa susunod na pahina, makikita mo ang halimbawa ng aming *Lean eblast*. Huwag mag-atubiling kopyahin ang kahit anong nais mo. Ang resulta ay *Lean* na sa *afterburner!*

FastCaps's Quick Mandrel

Hey Bob,
Want to lock and quicly release your hole saw? Watch this Video
Enjoy, Paul (paul@fastcap.com)

Copyright © 2014 FastCap, All rights reserved.
Unsubscribe from this list | Update subscription preferences | View email in your browser

- A personal greeting from the owner.
- Always ask a question
- Direct e-mail link for the customer to reply
- Simple promotions
- Lots of images
- Light on text
- Visual video link

2 Second Lean
Message
Delete
Reply
Reply All
Forward
Move
Rules
Junk
Unread
Categorize
Follow Up
Sent: Monday, June 2, 2014 at 1:42 PM
To: Paul Akers
Hey Bob,
What's in your pen cup??
Enjoy, Paul (paul@fastcap.com)
A personal greeting from the owner.
Always ask a question
Direct e-mail link for the customer to reply
Visual video link
2 Second
Lean
How to Grow People and Build a Lean Culture
Watch Video
IDEAL AEROSMITH
www.paulakers.net
Copyright © 2014 FastCap, All rights reserved.
Unsubscribe from this list | Update subscription preferences | View email in your browser

The One Thing:
Are you marketing lean?

For more book resources and videos go to paulakers.net/2sl-22

Kabanata 23

Ang Aming Bagong Tahanan

Nagtatayo Para Sa Aming Hinaharap

Matapos ang mga taon ng paghihintay at pagpaplano, natapos din namin ang aming 50,000 square-foot na templo para sa *Lean*, ang aming bagong pabrika sa Ferndale, Washington. Bawat detalye ay idinisenyo upang isaalang-alang ang mga empleyado at mga mamimili.

Matagal nang pangarap ni Paul na magtayo ng isang makabago at modernong gusali, ngunit dahil sa pagbagsak ng ekonomiya noong 2008, naantala ang proyekto. Salamat sa *Extreme Lean*, patuloy kaming lumago. Nagsimula muli ang proyekto ng gusali noong unang bahagi ng 2013 at lumipat kami sa pagtatapos ng taon.

Ang aming bagong gusali ay puno ng mga inobasyon ng Lean. Isang mahalagang prinsipyo ng *Lean* ay ang respeto sa mga tao, na makikita sa bawat bahagi ng pasilidad. Mayroong 110 bintana para sa natural na liwanag, awtomatikong *LED lighting*, *radiant heat, Big Ass Fans™, at integrated* na *Bose™ sound system*. Para kaming nasa tag-init araw-araw!

Nag-build din kami ng isang mataas na kalidad na kusina para sa mga empleyado. Gamit ang pinakamahusay na mga kagamitan at kabinet, nararamdaman ng aming mga tao na sila ay iginagalang at pinahahalagahan.

Chef's Kitchen

Madalas mong maaamoy ang amoy ng nilulutong pagkain habang dumadaan.

Ang aming mga pinagmulan bilang mga woodworker ay halata sa unang pagpasok mo pa lang. Ang magagandang lantad na mga *beams* at *pine trim* ay matatagpuan sa buong gusali. Ang 1200 square-foot na *woodshop* ay palaging puno ng tao at ito ang aming lugar ng kasiyahan.

Ang mga banyo sa FastCap ay palaging aming ipinagmamalaki, kaya sa paggawa ng bagong disenyo para sa mga ito, inalis namin ang lahat ng hadlang. Sa aming lumang gusali, kailangang mag-aksaya ng oras ang mga tao sa paglalakad sa limang iba't ibang banyo. Upang maalis ang pag-aaksaya, ginawa namin ang bagong banyo sa isang lugar na may maraming pribadong *cubicle* at nagdagdag ng *light system*

Wood Shop - Our Playground

upang ipaalam kung ang *cubicle* ay okupado.

Ang mga *Lean improvements* na ito ay nakatulong upang makatipid kami ng oras at paggalaw araw-araw. Ang pasilidad ay idinisenyo din upang maging madali itong linisin at panatilihin. Imbes na carpet, tile, at kongkretong sahig, ginamit namin ang pininturahang kongkreto sa buong gusali. Pinapayagan nitong ma-standardize ang mga proseso at gamit sa paglilinis. Ngayon, ang paglilinis ay mabilis, masaya, at madali.

Ang bawat workstation at production cell sa gusali ay nasa mga gulong. Hinahayaan nito kami na mag-adapt sa anumang sitwasyon na kinakailangan ng aming trabaho. Kung kailangan naming ilapit ang produksyon sa shipping, magagawa namin ito sa loob ng ilang minuto imbes na mga araw.

The Bathroom - Our Pride & Joy

Ang mga banyo sa FastCap ay palaging aming ipinagmamalaki, kaya sa paggawa ng bagong disenyo para sa mga ito, inalis namin ang lahat ng hadlang. Sa aming lumang gusali, kailangang mag-aksaya ng oras ang mga tao sa paglalakad sa limang iba't ibang banyo. Upang maalis ang pag-aaksaya, ginawa namin ang bagong banyo sa isang lugar na may maraming pribadong *cubicle* at nagdagdag ng *light system*

Lahat mula sa engineering hanggang produksyon at sa main office ay mobile at modular.

No Walls

Ang aming mga tao ay naka de-gulong din! Dahil mas malaki ang aming bagong gusali kumpara sa aming lumang pasilidad, kailangan namin ng paraan upang maglakbay nang mabilis.

Ang aming fleet ng basket-equipped na *Razor® scooters* ay tumutulong sa amin na makalipat mula sa isang dulo ng gusali patungo sa kabilang dulo sa loob ng 30 segundo.

Engineering & Production Cells on Wheels

Lahat ng aming mga opisina ay may stand-up na mesa. Dahil walang mga pader, madali kaming makakapag-coordinate. Ang mga mesa ay nakaayos sa mga quadrant na nagpo-promote ng kolaborasyon at madalas mong makikita ang mga tao na nagtutulungan sa mga proyekto at pag-sagot ng mga tanong. Walang pagkakataon para mag-build up ang mga walang halagang bagay sa opisina na ito!

Lahat ng aming mga opisina ay may stand-up na mesa. Dahil

Ang *graphic design department* ay bukas sa buong floor, kaya madali naming nababago ang mga packaging at *marketing materials* sa tuwing kinakailangan. Karamihan sa aming mga istasyon ng trabaho ay gawa sa FastPipe, isang sistema ng mga *steel pipe* at connectors. Dahil gumagamit kami ng mga standard building materials, madali naming mai-aadjust ang bawat istasyon ayon sa aming mga pangangailangan. Pinapayagan din kami nitong magtayo ng mga modular carts, lamesa, at istasyon na madaling ulitin at baguhin. Kung hindi na kailangan ang isang istasyon, maaari naming i-recycle ang mga materyales at gawing ibang bagay.

A Full Scooter Station

Stand Up Office

Ang inventory racking ay nakaayos na may 5 1/2-talampakan na malawak na mga aisle, na nagbibigay-daan sa amin upang mag-imbak ng aming inventory sa kalahating espasyo kumpara sa tradisyonal na racking. Ang mga built-in na guidance systems ay nagbibigay daan sa forklift na mag-operate nang ligtas sa buo nitong bilis.

Sa dulo ng bawat inventory rack ay matatagpuan ang production cells para sa lahat ng mga produkto sa pasilyo. Pinapayagan nito ang flow mula sa inventory ng raw products patungo sa finished goods bago pa man lumabas ang inventory mula sa pasilyo.

Ang lahat ng *Lean improvements* na ipinatupad sa disenyo at konstruksyon ay nagdulot ng malalaking pagtaas sa pagiging produktibo. Ang mga produktong aming inilalabas ay ang pinakamataas na kalidad na nagawa namin, at tumaas ang volume ng produksyon, habang ang aming trabaho ay naging mas madali at mas kasiya-siya. Lahat ng ito ay dahil sa *Lean*! Gusto mo bang makita pa? Panoorin ang aming video tour sa ibaba! Narito ang isang mensahe mula sa isa sa aming mga tagahanga:

"Nais ko lang sabihin na napanood ko na ang ilang video tungkol sa inyong bagong pasilidad at talagang kamangha-mangha. Ang inyong grupo ay gumagawa ng pambihirang trabaho! Alam kong hindi kayo titigil, ngunit patuloy ninyong pinapalakas ang aming inspirasyon. Pakisabi sa inyong grupo na ang kanilang mga pagsisikap ay nagiging inspirasyon dito sa Pennsylvania. Kayo ang mga ROCK at ipinagmamalaki ko ang American Manufacturing at ang mga bagay na kayang gawin sa bansa. Magpatuloy kayo sa mahusay na trabaho. Kayo ang isang role model para sa akin!"

THE ONE THING:
BUILD IT IN AND IT IS DIFFICULT TO CHANGE

Lean videos:

1. Take a Lean Tour with Paul!
https://youtu.be/jYby_HczyDA

2. FastCap Lean Tour 2.0
https://youtu.be/EqtKKkastWk

More Videos on the Next Page

3. Building New FastCap Facility
https://youtu.be/meqGK3VN2XE

4. FastCap's New Facility
Concrete Pour
https://youtu.be/hZlBcHkV27k

For more book resources and videos go to
paulakers.net/2sl-23

Kabanata 24

Maglibot Tayo

Araw-araw, nakakakuha ako ng humigit-kumulang tatlong kahilingan para sa pagsasalita at/o paglilibot. Ngayon, nagsasagawa kami ng 24 na paglilibot kada taon at ang mga kinakailangan ay sadyang mahigpit upang matanggal ang mga hindi seryoso sa pagtatayo ng Kulturang Lean. Hindi kami nagtuturo kung paano gawin ang Lean, nagtuturo kami kung paano magtayo ng Kulturang Lean. Dahil sa dami ng *demand* upang matuto, kailangan naming mag-isip ng Lean na paraan upang maabot ang mas maraming tao. Kinuha ko ang aking bidyo kamera at Razor scooter at ginugol ang 4 na oras upang gumawa ng isang bidyo paglilibot. Walang propesyonal na tripulante sa produksyon ng bidyo, ako lang, ang aking mga tao, isang Sony PJ 790 bidyo kamera, at ang aking Mac na may Final Cut Pro. Simple, mabilis, at madali ito ngunit hindi ito perpekto! Ang bidyo na ito ay idinisenyo upang bigyan ka ng isang pangkalahatang ideya ng aming paraan ng pag-iisip. Mayroon kaming halos 1000 na bidyo (na may higit sa 1 milyong pinagsamang views) na libre at tinatalakay ang lahat ng detalye ng anumang paksa ng Lean.

Maraming kumpanya sa buong mundo ang gumagawa ng kamangha-manghang trabaho sa pagtatayo ng Kulturang Lean. Ngayong taon, ininterbyu ko ang mga lider ng mga kumpanyang iyon sa MAPP *conference* sa Indiana. Makikita mo ang Lean Panayam sa dulo ng kabanatang ito.

6 Kumpanya sa Pagtatatag ng Kulturang Lean

Walters &Wolfe	California
Xylem Design	Colorado
Klime-Ezee	UK
YelloTools	Alemanya
Viking Plastic	Pennsylvania
Omni Duct	California

Mga Kinakailangan para sa Paglilibot

- Dapat naroon ang CEO. Naiintindihan namin na may mga organisasyong napakalaki kaya't hindi laging posible para sa CEO na dumalo sa paglilibot. Gayunpaman, dapat ninyong malaman na mayroon na kaming mga kumpanyang may 70,000 empleyado sa buong

mundo na dumalo ang kanilang presidente at mga miyembro ng lupon sa paglilibot nang maraming beses.

- Dapat mabasa ng mga dadalo ang librong 2 Second Lean.
- Dapat manood ang mga dadalo ng hindi bababa sa 10 Lean bidyos namin bago ang paglilibot.
- Dapat handang baguhin ang inyong kultura at kumpanya tungo sa modelo ng Lean sa loob ng 1 taon.
- Gumawa ng 50 *improvement videos* (bago/pagkatapos) sa unang taon.
- Mag-set up ng pampublikong YouTube upang ibahagi ang mga natutunan (Lean na bidyos) sa buong mundo.
- Payagan ang iba pang negosyo na makapaglibot sa inyong pasilidad sa loob ng 1 taon matapos ang inyong FastCap tour (ibahagi ang natutunan).
- Ang unang gagawin ninyo sa paglilibot ay linisin ang aming mga banyo. Itinuturo nito ang pagpapakumbaba at nagpapakita ng epektibong proseso—dalawang pundasyon ng Lean

Kung kaya ninyong matugunan ang mga kinakailangang ito, narito ang mga detalye para sa paglilibot:

- Sagutin ang email na ito at ilista ang mga pangalan ng mga dadalo.
- Nasa pasilidad ng pagmamanupaktura kami, kaya inirerekomenda naming magdala ng makapal na damit kung malamig ang panahon; karaniwang nasa 62 *degrees* ang temperatura sa aming planta.
